
Dark Bedtime Stories I
Ever Bride
VANESSA

BOOK I

# EVER BRIDE

## DARK BEDTIME STORIES

VANESSA

# *KABANATA 1*

"Aray!"

Agad inilagay ni Illyria sa bibig ang daliring nasugatan ng manipis at patusok na punyal, animo higanteng karayom, sabay tingala sa inang batid niyang pinagmamasdan ang kanyang trabaho.

"Tsk, tsk," palatak nito kasabay ng iling, inabot mula sa kanya ang punyal, saka itinarak sa ulo ng kunehong hindi gumagalaw, bagaman alam niyang buhay pa. Umigtad iyon.

Napayuko siya, nasa bibig pa rin ang daliring nasugatan. Awang-awa siya sa kunehong nasa harap na ngayon ay inaagusan

ng sariwang dugo. Mainit pa ang pulang likido at lumilikha ng manipis na puting usok sa lamig ng panahon, kahit nasa loob sila ng bahay na nasa gitna ng kasukalan, walang katabi sa abot-tanaw saanmang direksiyon tumingin kundi mga puno.

"Kunin mo ang puso. Ingatan mo," utos ng kanyang ina.

Tumulo ang kanyang luha. Tumitibok pa ang puso ng kuneho, mas malaki lang iyon nang kaunti kaysa sa puso ng manok. Napatingala siyang muli sa ina, gustong tumutol.

"Sampung taon ka na, Illyria. Ganyang edad ko, usa na ang pinapahanap sa `kin ng lola mo. `Wag mong hintaying maubos ang pasensiya ko," babala ng babae. Napakaganda nito, maputi, makinis ang balat, malago at mahaba ang buhok na tulad ng sa kanya ay kasing-itim ng mga mata nitong mayroong repleksiyon ng apoy ng mga kandila sa mesa na samot-sari ang laki at kulay. "Wala nang sakit na nararamdaman ang kuneho, Illyria.

Kukunin mo ang puso bago tumigil sa pagtibok o kukuha ako ng bagong kuneho? Walang silbi ang pusong hindi na tumitibok, alam mo `yan."

Dahil doon ay inabot niya ang isang punyal na mas malapad ang talim, saka ginurlisan nang ubod-gaan ang tadyang ng kuneho, sapat para bumuka iyon. Gamit ang kamay ay hinigit niya ang puso, sa gayon ay makalas iyon sa mga tubo. Pinadulas niya iyon, tumitibok pa rin, patungo sa gitna ng kanyang palad na nanginginig nang bahagya.

"Magaling," sambit ng kanyang ina, mayroong banayad na ngiti sa mga labi. "Alam mo na kung ano ang gagawin."

Tumango siya. Bawat galaw ng mga kamay niya sa mga sumunod na minuto ay sigurado, mula sa pagdikdik sa puso ng kuneho sa batong almires, hanggang sa pagkiskis ng mga pinatuyong dahon sa pagitan ng mga palad para madurog ang mga iyon, at pagsambit ng mga inkantasyon sa tuwing kailangan. Isinalang na niya sa maliit na palayok ang

tinimplang sangkap, saka iyon dinagdagan ng iba pang mga likido.

Nang magkulay-pula na ang laman ng maliit na palayok at mangamoy bulaklak ay muli siyang tumingin sa ina.

“Napakahusay mo, anak,” sambit nito, may pagmamalaki sa mukha. “Masyado lang malambot ang puso mo sa mga hayop, pero matututo ka rin.” Iniabot nito sa kanya ang isang maliit na botelya, singlaki lang ng hinliliit niya. Doon niya isinalin ang laman ng palayok na animo pulang usok na lumusot sa maliit na butas, walang natapon ni isang patak.

Iniabot niya iyon sa ina. Nilagay nito iyon sa isang maliit na kahoy na kahon, may sapin na tela sa loob kung saan nito maingat na inilagay ang botelya. Isinara nito ang kahon, saka sinusian bago iabot sa kanya.

“Bukas, iiwan mo ito sa tabi ng huling láging-lungtî bago mo marating ang malaking kalsada,” tukoy nito sa punong anomang panahon ay kulay-luntian.

Tumango na lang si Illyria.

"Hala, matulog ka na at may pasok ka pa bukas."

Muli siyang tumango. Tumuloy na siya sa silid matapos maghilamos, maghugas maigi ng mga kamay at braso, at magsepilyo. Nagpahinga na siya, habang ang kanyang ina naman ay nagligpit sa kanilang kusinang nagsisilbi ring santuwaryo kung saan sila nagririritwal, nag-oorasyon, at gumagawa ng mga gayuma, posyon, langis, bertud, agimat, anting-anting, at iba pa. Iyon ang kabuhayan nito. Nagbebenta ito sa mga apotekarya, at sa mga espesyal na pagkakataon ay tumatanggap ng pasadyang order, tulad ng ginawa nila kanina—gayuma para sa isang maybahay na tinatabangan na sa lalaking pinakasalan.

Kinabukasan ay maagang ginising si Illyria ni Calixta, ang malaking uwak na tagapagsilbi ng kanyang ina, isang pamilyar—nilalang na nasa tabi ng isang salamangkera para umalalay at gawin ang anomang ipinag-uutos ng amo nito; isang tagapagsilbing maaaring

maihalintulad sa alipin.

Karaniwang tinutuka ni Calixta ang kanyang unan, pero ngayong umaga ay ilang ulit niya itong binugaw at itinakip ang unan sa kanyang ulo kaya ang malapad nitong pakpak ay pinagaspas nito para tumama sa kanyang braso. Tinalun-talunan din siya nito at hindi tumigil hangga't hindi siya bumabangon.

"Calixta!" singhal niya.

"Gumising ka na," anito, tonong inis, para bang malaking kaabalahan dito ang paglaanan ng oras ang paggising sa kanya. Walang paggalang ang pamilyar na ito. Sanay na siya. May attitude si Calixta.

"Ititinola kita!" gigil niyang sabi, bumangon na rin, padabog.

"Hindi ako masarap itinola," anito sa mababang tinig, animo padura, tipikal na tunog mula sa isang uwak.

"Kunsabagay," nakasimangot niyang sabi habang tinutupi ang makapal na kumot. "Sa edad mong `yan, makunat ka na."

Lumikha ito ng ingay, parang ismid na may tunog. Sanay na siya sa asta ng nilalang. Bata pa lang siya, ganoon na ito. Para bang masama ang loob nitong maipasa sa kanyang ina mula sa kanyang lola. Ang mga tulad nito ay naipapamana, bagaman bawat salamangkera ay maaaring tumawag ng pamilyar niyong sarili mula sa Mundong Ilalim. Bukod kay Calixta, may isa pang pamilyar ang kanyang ina, isang pusa, si Daniella, na palaging kasama ng babae. Hindi magkasundo sina Daniella at Calixta.

Nagpainit na ng tubig si Illyria habang nagluluto ng almusal.

“Bilin ng nanay mong `wag mong kalilimutan ang botelya,” anang uwak, nakamasid lang mula sa paborito niyong puwesto, sa ibabaw ng aranyang gawa sa bakal at mayroong lalagyan ng mga kandila, nasasabitan ng mga kristal at iba’t ibang bertud, tulad ng tuyong pakpak ng paniki; buto ng iba’t ibang hayop; ugat ng puno; inukit na bato na iba’t iba rin ang hugis—

buwan, araw, bituin, at iba pa.

"Anong oras umalis si Nanay?" tanong niya sa uwak habang nag-aalmusal. Lumingon siya sa bintana. Halos napakaliit na lang ng bahaging walang harang dahil maging ang pasimano niyon ay puno ng iba't ibang uri ng halamang gamot, gayuma, langis, mga sangkap, at iba pa. "Ang lamig sa labas. Pinaaalala mo ba sa kanyang magdala ng alak? Malalamigin si Nanay."

"Siyempre," anang uwak, tonong naiinis na kailangan niya pang itanong.

"Masama gising mo, *ibon*?" sikmat niya. Isang insulto dito ang katawagang "ibon" dahil nagpapahiwatig iyon na isa itong alaga, at walang silbi bukod sa pang-aliw sa amo nito. Pinepersonal ni Calixta ang mga ganoong hirit niya.

Tumaas ang mga pakpak nito, saka nanginig ang mga iyon bago tinuping muli, parang nagtitimpi sa kanya. Ang lakas talaga mag-attitude. Ang sabi ng kanyang Nanay, pagpasensiyahan na lang dahil bigo si Calixta

sa mundo. Tinawag daw kasi ito para magsilbi sa kanyang lola mula sa mundo ng mga espiritu isang araw bago ang takdang panahon kung kailan maaari na itong makalaya sa obligasyon, na nangangahulugang matatali na ito sa paninilbihan sa loob ng tatlong henerasyon—ang sumpa sa mga demonyitang tulad nito. Kapag ang isang demonyito o demonyita ay hindi natawag sa pagsapit ng ikalabing-anim na kaarawan, maari nang pumili ang mga ito kung gustong maging malaya o magpatuloy sa paghihintay ng pagtawag. Hindi na nakapagtatakang may attitude ang uwak. Isang araw na lang ay makakalaya na sana ito pero napatawag pa.

"Ipagtimpla mo ako ng mainit na tsokolate, ibon," utos niya.

"Isa `kong *uwaaaak!*" padurang sabi nito, puno ng disgusto, halatang hindi na nakatiis.

"Hindi ba't ibon naman ang uwak?" nakangising tanong niya.

Lumipad patungo sa kusina si Calixta. Napakalaki nito pero pino ang pagkilos kaya

kung ang ibang ibon siguro ay tatama na sa dami ng kagamitan, ito ay noon pa nakahanap ng puwesto para sa mga pakpak sa tuwing kailangang gumalaw sa kabahayan.

Hindi kalakihan ang bahay nila, siksik pa sa mga kagamitan. Kahit sa sala ay may tambak na mga bote, sangkap, libro, kandila, at iba pa. Sa dami ng kagamitan ay madilim na sa kabahayan kahit umaga, hindi sapat ang mga kandila at lampara para umaliwalas sa loob. Gayunman, hindi nila kailangan ng isang maaliwalas na bahay dahil mabilis namang makapagpailaw kung kinakailangan.

Nagluto na si Calixta ng mainit na tsokolate gamit ang sarili nitong mahika, pinagalaw ang mga gamit sa kusina. Panay ang kalansing ng mga kubyertos at kaldero, maging ng baso. Pero sigurado si Illyria na hindi maglalagay sa inumin ng kahit na anong ikapapahamak niya si Calixta. Hinding-hindi nito maaaring ipahamak ang amo at ang mga taong ibinilin dito ng amo. Binibigkis ito ng sumpa. Ang tangi nitong

magagawa ay ang magdabog at magreklamo.

Maingat namang lumapag ang mataas na tasa ng mainit na tsokolate sa tabi ng kanyang plato mayamaya. May pride din ang demonyita, palaging pinagmamalaking nagmula ito sa mahabang linya ng tagapagsilbi sa mga maharlika sa Mundo ng mga Espiritu. Sa katunayan, nakahanda na itong maging tagapagsilbi sa isang maharlika tulad ng mga magulang nito, kung hindi napatawag ng kanyang lola. Hindi umubra ang orasyong pangontra ng mga ito sa lakas ng kapangyarihan ng babae.

"Salamat, Calixta," aniya, nakangisi.

"Hmp!" Tumaas nang bahagya ang mga pakpak nito. "Maligo kang maigi, `wag wisik-wisik lang, maldita."

Natawa siya. Kapag taglamig, tinatamad siyang maligo.

"Kaya hindi ka pa nireregla, tamad kang maligo," dagdag pa nitong pang-iinsulto.

Natawa na naman siya. "Ang bata-bata ko pa, bakit ako rereglahin? Isa pa, sino namang

nagsabi sa `yong gusto kong reglahin? Ayoko nga ng dugo, eh."

"Kaya hindi ka matuto-tuto sa pagpatay ng kuneho. Paano pa kapag kailangan mo na ng mas malakas na gayuma?" sermon nito.

Hindi na lang siya umimik. Alam niya naman na kailangan niyang matutuhan iyon dahil bahagi iyon hindi lang ng kabuhayan nila ng nanay niya kundi maging ng papel nila sa mundo. Mga salamangkera sila, mula pa sa kanyang mga ninuno. Ang sabi ng kanyang nanay, may kanya-kanyang papel daw ang bawat nilalang sa mundo, at sila ang nagbibigay-lunas sa mga sakit, nagtitimpla ng gayuma, at lumilikha ng sumpa sa mga nangangailangan niyon. Isa iyong sagradong misyon, iyon ang dapat niyang ilagay sa kanyang isip.

Nang matapos mag-almusal ay nagtungo na siya sa banyo. Inilublob niya ang daliri sa batyang may apoy sa ilalim. Hindi pa sapat ang init para maglublob siya ng katawan. Napakalamig.

"Sinadyang hindi palakasin ang apoy nang may dahilan para hindi maligo," anang uwak na nakasilip mula sa labas ng banyo.

Imbes na mainis ay natawa siya. Inilubog niya ang kamay sa batya, saka winisik sa uwak ang tubig. Lumipad na ito palayo, habang siya naman ay isinara na ang pinto, naghubad, at nanginginig na inabot ang nakasabit na labakara, binasa iyon ng tubig, saka ipinunas sa mukha, leeg, kilikili, at binti. Sinabon niya ang katawan, nagbanlaw, saka nagtapi na ng tuwalya. Ayaw niyang basain ang kanyang buhok. Hindi naman mabaho iyon, amoy-insenso lang. Ipupusod na lang niya.

Nagbihis na siya ng uniporme sa eskuwela. Ang sabi ng kanyang ina, kailangan niyang matutuhan ang itinuturo sa mga eskuwelahan ng mga ordinaryong tao kung sakaling ayaw niyang maging kabuhayan ang tradisyonal nilang hanapbuhay—ang pagbebenta ng mga gayuma, langis, at iba pa. Dagdag pa nito, may isa raw siyang ninuno na hindi mahusay sa pagtitimpla at mahina rin ang natural na

kakayahan sa salamangka kaya naging iskolar. Wala rin daw masama doon at sa katunayan ay mataas pa ang pagtingin ng mga tao sa mga iskolar. Puwede din daw siyang maging manggagamot na may lisensiya mula sa emperyo, magbukas ng sarili niyang klinika sa siyudad, tulad ng nakikita niya sa bayan, kahit pa nga ang sarili niyang lola ay iniismiran lang ang mga ganoong uri ng doktor. Hindi raw kaya ng mga iyong magpagaling ng mga sakit na mula sa sumpa.

Isinuot niya ang makapal na balabal na may talukbong. Isinilid na niya sa isang malaking bag ang mga aklat, maging ang kahong pinaiiwan sa kanya ng ina sa ilalim ng láging-lungtî. Lumakad na rin siya matapos mapang-inis na kawayan si Calixta. Hindi niya ito pamilyar kaya hindi ito sumasama sa kanya. Darating ang panahong tatawag siya ng sariling pamilyar, pero hindi pa niya kailangan sa ngayon.

Kung tutuusin, puwede niyang isama si Calixta pero iniiwasan niyang malaman ng

mga kaklase na isa siyang salamangkera. Hindi niya man iyon inililihim, mas pinili niyang huwag sabihin dahil na rin ang sabi ng nanay niya, iba raw ang tingin ng mga tao sa tulad nila. Hindi raw kasi nauunawaan ng mga ito ang kanilang kakayahan kaya kinaiinggitan at dahil hindi magaya, nagiging sanhi ng galit.

Nang mailapag niya sa ilalim ng ugat ng láging-lungtî ang kahon ay naglakad na siya patungo sa kalsadang pinagawa ng kaharian. Mayamaya pa ay natanawan na niya ang pamilyar na mga bahay, at hindi pa nagtagal ay dumami na ang mga iyon, maging ang mga tao. Sa plaza ay mayroong mga nagtitinda ng mainit na alak-pulot. Lumapit siya sa isang tindahan niyon at iniabot ang kanyang baryang tanso.

"Ilang taon ka na, ineng?" tanong ng tindero.

"Sampu po," tugon niya, may usok na lumabas sa bibig.

Tumango ito at sinilbihan siya ng mainit

na alak sa isang baso. Kapag ganoong taglamig, basta't edad walo pataas, puwede nang makabili ng mainit na alak-pulot, sa gayon ay uminit ang katawan kontra sa matinding lamig. Ikinulong niya ang baso sa mga kamay na nababalutan ng guwantes. Saglit lang ay naging sapat na agad ang lamig niyon at ininom na niya. Napakasarap. Lasang pulot na may tapang ng alak, perpektong pampaluwag ng ilong kung sinisipon. Naubos niya agad ang laman ng baso, nagpasalamat sa tindero, saka nagpatuloy na patungo sa eskuwelahan.

May isang oras pa siyang naglakad sa gitna ng lamig bago ginamit ang bakal na pangkatok na nakadikit sa mataas na gate ng eskuwelahan. Nasa ikalawang lebel siya ng mataas na paaralan. Tatlong taon pa ay puwede na siyang pumasok sa unibersidad kung gusto niyang mag-aral ng agham, kasaysayan, pilosopiya, matematika, lengguwahe, sining, at iba pa.

Bumukas ang pantaong pinto. Pinatuloy

siya ng guwardiya. Bumungad sa kanya ang malawak na patio. Ang unang mapapansin ay ang malaking fountain na sa ibabaw ay mayroong rebulto ng unang emperador ng emperyo, isang matikas na lalaking ayon sa mga aklat ay mayroong ginintuang buhok at asul na mga mata. Sa balikat ng rebulto ay mayroong maliit na ibon. Iyon daw ang pamilyar nito, isang bagay na kakatwa dahil kadalasang ang mga pamilyar ay malalaking hayop, tulad ng tigre, agila, at iba pa.

Samakatuwid, ang unang emperador ay isa ring salamangkero dahil tanging sila ang may kakayahang tumawag ng mga pamilyar na mula sa Mundong Ilalim, kung saan nanggagaling ang mga tulad ni Calixta. Sa Mundong Ilalim din daw nababagay ang mga tulad nilang salamangkera at hindi nararapat makihalubilo sa mga tao, iyon ang sabi ng ilan.

Noon pa man, ipinauna na sa kanya ng kanyang ina at lola na maririnig niya ang mga ganoon sa pag-andar ng panahon. Tulad ng

habilin ng mga ito ay huwag na lamang daw niyang pansinin dahil hindi alam ng mga tao kung ano ang sinasabi ng mga ito.

Madami nang mag-aaral sa loob, iba-iba ang ginagawa kahit pa malamig ang panahon at patse-patse ang mga munting bundok ng niyebe sa batong sahig ng kuwadradong patio. Ang isang panig ng kuwadrado ay ang pinasukan niyang gate, sa tatlong iba pang panig ay istraktura ng eskuwelahan. Tinakbo na niya ang silid-aralan, inilagak ang gamit sa kanyang mesa, saka nagbalik sa patio para hanapin ang kaibigang si Alethea. Nakita niya itong kausap ang grupo ni Leia, kaklase nila.

"Akin na `yan!" ani Leia nang agawin ang baon ni Thea. "Ang taba-taba mo na, lamon ka pa nang lamon ng cake!"

Nagtawanan ang grupo na si Leia ang lider. Salbahe ito, sampu ng mga kaibigan. Maganda sana ito at matalino, pero masama ang ugali. Mahistrado ang ama ng batang babae at kilala raw na malapit sa mga maharlika kaya mataas ang estado ni Leia

hindi lang sa lipunan kundi maging sa eskuwelahan.

Inilabas ni Thea ang dila sa grupo, dahil silang magkaibigan ay hindi natatakot sa kahit na sino. Kung hindi lang siya kagagalitan ng kanyang nanay, matagal na niyang isinumpa si Leia. Pero mahigpit na bilin ng kanyang ina na huwag na huwag gagamitin ang kanilang kaalaman sa kasamaan. Ang kanila raw kapangyarihan ay bigay ng mga diyos na kailangang respetuhin. Bukod doon, kapag hindi pa mahusay sa panunumpa ay maaaring matukoy ang pinagmulan ng sumpa, na may karampatang parusa. Ang kanyang lola ay nakulong na nang ilang ulit dahil tuwing nalalasing ay kung ano-anong kalokohan ang ginagawa nang walang pag-iingat kaya palaging nahuhuli. Sa ibang kaharian ito nakatira kasama ang ikalima nitong asawa.

Pero nakakatuksong isumpa si Leia. Natatakot nga lang siyang mahuli dahil mayroong departamento ang mga kaharian at

ang mismong emperyo na ang tanging pakay ay ang hanapin ang pinagmulan ng sumpa. Siyempre, hindi sa lahat ng pagkakataon ay kaya iyong matunton. Sa katunayan, ang pinakamahuhusay na sumpa ay hindi nalalaman ang pinagmulan kailanman. Iyon mismo ang indikasyon ng isang perpektong sumpa, ng isang mahusay na salamangka. Hindi lang miminsang mayroong dumayong imbestigador sa kanilang bahay, nagtatanong tungkol ng kung ano-anong mga detalye para mahanap ang manunumpa.

Pero mayroong sariling batas ang mga tulad nila, ayon sa kanyang ina—na wala silang pakialam sa sumpang ipinataw ng iba. Ang anomang nalalaman nila sa nagawang kasalanan ng ibang tulad nila ay hindi nila maaaring ipagsabi. Bagaman hindi iyon ipinagbabawal, ang traydorin ang miyembro ng kabal ay hinding-hindi nila gagawin.

“Ano pa'ng laman niyang baunan mo?” patuloy ni Leia, inaagaw na pilit ang malaking bag na lalagyanan ng baon ni Thea.

Napagtagumpayan nitong kunin iyon, saka binuksan. Ang lakas ng tawa nito. “Pang-isang linggo na `tong baon mo. Hindi ka ba nandidiri sa katabaan mo? Bakit hindi ka humingi ng pampapayat dito kay Insenso?”

Nagtawanan ang mga kagrupo ni Leia, habang si Illyria naman ay hindi naunawaan ang sinasabi ng mga ito kahit alam niyang isa iyong insulto.

“Siguro totoong mangkukulam ka!” patuloy ni Leia, nakatingin sa kanya at tatawa-tawa.

Nagpanting ang tainga niya. Isa siyang salamangkera! At bagaman marunong silang mangulam, mababang klase ng salamangka iyon, pambata kung ituring dahil na rin sa hindi mahirap gawin at ang gamit kadalasan ay mga manyika, bukod sa panandalian lang ang epekto at mabilis baligtarin. Lahat halos ng botika at apotekarya ay may tindang pangontra sa kulam, isang maliit na tabletas lang. Sa katunayan, kahit ang tulad ni Leia ay maaaring mangulam basta’t magbasa lang ito

ng mga aklat tungkol doon. Gayunman, naalala niya ang habilin ng ina na huwag na niyang ipaalam sa iba kung ano siya.

"`Wag mo na silang pansinin, Illyria," ani Thea. "Wala lang magawa ang mga `to, eh. Hindi kasi mahal ng magulang. Kita mo, palaging mga kasambahay lang ang naghahanda ng baon, ni minsan hindi nasundo ng magulang."

Sukat nabura ang ngiti sa mukha ni Leia at napalitan ng galit. Itinulak nito ang mga balikat ni Thea na napasadlak sa sahig, saka siya binalingan at itinulak din. Pero hindi siya nito kaya.

"Papalag ka, Insenso?" taas-noong tanong nito.

Sasagot sana siya pero tumunog na ang kampana, ibig sabihin ay tinatawag na sila para sa unang klase sa araw na iyon. Nagsitakbuhan na patungo sa silid-aralan ang grupo, habang siya naman ay inilahad ang kamay sa kaibigan para tulungan itong makatayo. Medyo mataba talaga si Thea,

mahilig itong kumain. Palaging masagana ang baon nito at kadalasan ay mayroon ding baon para sa kanya. May panaderia ang ama nito malapit din sa eskuwelahan. Katulad ni Thea, mataba rin ang ama nito. Maliit iyong lalaki, malaki ang tiyan, may bigote, palaging nakangiti sa lahat, at mahal na mahal ang nag-iisang anak kaya siyang nag-iisa niyong kaibigan ay palaging may masarap na tinapay.

"Bakit nila ako tinawag na Insenso?" tanong niya sa kaibigang tinulungang magpagpag ng niyebe sa balabal nito. Naglakad na sila patungo sa silid-aralan.

"K-kasi madalas kang amoy insenso. Mabango nga, eh."

Napatango siyang bigla. Baka tama pala si Calixta, dapat siyang maligo araw-araw.

"`Wag mo nang pansinin ang sinabi nila sa `yo, Thea. Maganda ka naman, ah," pag-aalo niya sa kaibigan. Alam niyang nahihirapan itong magpapayat at kadalasang ipinapasa sa kanya ang mga tinapay para hindi na nito makain. Palagi daw kasi itong pinababaunan

ng ama ng tinapay o minatamis na hindi nito matanggihan dahil iyon lang daw ang kasiyahan ng lalaki mula nang pumanaw ang asawa nito, ang nanay ni Thea.

“Dapat talagang pumayat na `ko, Illyria,” sambit nitong napabuntong-hininga. “Kasi kapag daw nagdalaga ako `tapos mataba pa rin ako, wala daw magkakagusto sa `kin at baka hindi ako makapag-asawa. I-ikaw ba?”

“Anong ako? Kung mag-aasawa ako? Ewan ko. Hindi ko iniisip. Importante ba `yon? Kasi wala namang asawa si Nanay.” Ang kanyang ama ay hindi asawa ng kanyang ina. Nakatira din iyon sa ibang kaharian at bihirang dumalaw sa kanila. Ang sabi ng nanay niya, hindi daw kailangang magpakasal ng dalawang tao kung ayaw ng mga ito. At ayaw ng nanay niyang magpakasal at matali sa kahit na sino. Masaya na raw itong nagkaroon ng anak.

Pero siguro, normal lang sa mga tulad nila ang hindi magkaroon ng makakasama sa buhay dahil sa takdang panahon, alam niyang

lilisanin niya ang bahay ng ina, tulad ng ginawa nito sa lola niya, at ng lola niya sa ina niyon. Ang mga tulad daw nila, ayon sa nanay niya, ay karaniwang mas gustong mapag-isa kaya ang kanilang tahanan ay malayo sa ibang tao.

"Importante `yon!" bulalas ni Thea. "May nakalaan daw na kapareha para sa `ting lahat, isang magmamahal nang tapat, isang prinsipe. Isang kabiyak-puso." Para itong nangangarap nang gising. Ang sabi ng iba, ang kabiyak-puso raw ay isang itinadhanang kapareha, mula mismo sa mga diyos.

"Kababasa mo `yan ng mga librong romansa, eh!" angal niya. Mahilig ito sa ganoong mga babasahin, habang siya naman ay mas mahilig sa libro ng mga salamangka at sining.

"Isang araw, magkakaroon ako ng sarili kong kabiyak-puso, Illyria!" deklara nito, saka natigilan. Nagpalipas ito ng ilang sandali bago nagsalitang muli. "Ahm… t-totoo ba ang sinabi nilang

m-mangkukulam ka?"

"Hindi!" Nalukot ang kanyang mukha.

"Salamangkera?"

Marahan siyang tumango.

Nanlaki ang mga mata nito. "Puwede mong isumpa si Leia?!"

Natawa siya, saka tumango. "Kung minsan, ini-imagine ko siyang maging palaka kahit isang oras lang. Tingnan ko lang kung awayin pa niya tayo."

"Gawin mo na, sige na!"

Natawa siya. "Mahuhuli ako. At kapag nahuli ako, puwede akong dalhin sa kulungan ng kabataan. Hindi ko pa perpekto ang mga sumpa, eh."

"Mahirap ba?"

"Medyo."

"Bakit hindi mo sinasabi sa iba na salamangkera ka?"

"Dahil sabi ni Nanay, nagiging problema daw ng iba. Natatakot sila sa amin. At kapag natakot sila, gagawa sila ng paraan para mapalayo kami. Gusto ni Nanay na makapag-

aral ako.” Bihira ang salamangkera. Sila ang mga taong isinilang na may natural na salamangka. Ang mga ninuno nila ay direktang nagmula sa mga diyos, diyosa, espiritu, at iba pang nilalang na mula sa Mundong Ilalim—tulad din ng halos lahat ng tao, pero mas malabnaw ang dugong iyon sa iba dahil mas madaming salinlahi na ang mga ito. Ang sabi ng lola niya, iyon ang dahilan kung bakit madami ang nagsasabing dapat manatili sa Mundong Ilalim ang mga salamangkero, kahit ang totoo ay mga tulad nila ang karamihang namumuno sa emperyo. Tanggap man ng lahat ang kanilang espesyal na kapangyarihan ay nangingilag ang mga ito. Siguro dahil din sa katotohanang sa pagpanaw ng kahit na sino sa Mundong Ibabaw, sa Mundong Ilalim mapupunta ang mga ito. Sa kabila ng pangingilag sa mga tulad niya, umaasa ang karamihang lalabas sa mga magiging anak ng mga ito ang dugong may bahid ng salamangka.

“‘Wag kang mag-alala, Illyria, wala akong

pagsasabihan na kahit na sino."

"Salamat, Thea," nakangiting sabi niya, masayang hindi nakaramdam ng pag-iiba sa turing sa kanya ng kaibigan sa kabila ng nalaman nito. Ang babala kasi ng nanay niya, kapag daw nalaman ng iba, madalas daw na mararamdaman agad ang pag-iiba ng kausap.

Pumasok na sila sa silid. Nagsimula na ang klase. Buong umaga ay nakalaan para sa sining, ang paborito niyang aralin. Gumuhit sila ng hayop mula sa kanilang imahinasyon. Natagpuan niya ang sariling iginuguhit si Calixta. Saulado niya kasi ang bawat balahibo ng masungit na iyon. Nang matapos ay ipinasa na nila ang mga likha. Mataas ang kanyang marka at ang komento ng propesora ay maaari daw siyang maging mahusay na pintor.

Nang matapos ang aralin ay nagtungo sila ni Thea sa paborito nilang puwesto, sa isang bodega. Walang nagpupunta doon kundi sila. Binigyan niya ito ng baon niya dahil kinuha na ni Leia ang baon nito. Pinagsaluhan nila

ang monay na may palamang keso. Hindi nagalaw ni Leia ang inumin nito kaya katerno ng kanilang monay ang malapot na tsokolate at krema na mainit pa sa lalagyanan.

"Illyria, puwedeng magtanong?"

Tumango siya agad.

"`Di ba g-galing sa Mundong Ilalim ang salamangka?"

Hindi niya iyon inaasahan, gayunman ay sumagot. "Madaming pinanggagalingan ang salamangka, Thea. May mga hinahango sa kalikasan, meron ding taglay na namin noong ipanganak kami at kailangan na lang naming pagyamanin, iyon ang mula sa Mundong Ilalim."

Napasinghap ang babae. "N-nakarating ka na s-sa Mundong Ilalim?"

Umiling siya. Ayon sa mga mito, may posibilidad daw na makarating sa ilang bahagi ng Mundong Ilalim kahit buhay pa ang isang tao, hindi nga lang iyon magiging madali. Nakamamatay din ang daan para sa lahat, kahit para sa kanilang mga may salamangka.

At dahil ang Mundong Ilalim ang sinasabing pinal na destinasyon ng lahat, normal lang na magkaroon ng mga katanungan tungkol doon.

Pero ang sabi ng kanyang nanay, wala raw nakakaalam kung saan talaga napupunta ang isang pumanaw. Siguro dahil wala pang nakarating sa bahagi ng Mundong Ilalim kung saan naroon ang mga pumanaw. Hindi rin daw mapagkakatiwalaan ang mga tala ng mga nagsabing nakarating ang mga ito sa Mundong Ilalim at nakabalik sa Mundong Ibabaw, dahil parang hindi totoo at pagyayabang lang. Isa sa mga tunog-imbentong kuwento ay ang mito tungkol kay Kore, ang diyosa ng tagsibol na dinukot ng diyos ng Mundong Ilalim na si Aides, at dinala doon nang labag sa kalooban nito. Sa tuwing nasa Mundong Ilalim daw ang diyosa ay nagsisimula ang taglagas at sinusundan ng taglamig sa Mundong Ibabaw. At sa pagbabalik ng diyosa sa Mundong Ibabaw ay lalatag ang tagsibol na susundan ng tag-init.

Base roon at sa panaka-nakang kuwento ng mga demonyito at demonyitang tulad nina Calixta, lumalabas na napakalawak ng Mundong Ilalim, at iba ang kinahahantungan ng mabuti at masama kapag pumanaw na. Maging sina Calixta ay mayroong sariling kaharian sa Mundong Ilalim na nakabukod sa ibang bahagi niyon na kung tawagin ay Mundo ng mga Espiritu. Hindi nagkukuwento ang mga ito tungkol sa mundong iyon dahil kahit gusto ay hindi uubra, maliban sa mga impormasyong hindi naglalantad ng anomang detalyeng mayroong timbang o maaaring pakinabangan. Bigkis ang mga ito ng sumpa.

Nagpatuloy si Thea. "Ang sabi ng lola ko, kapag namatay daw ang tao, susunduin at tatawirin ang Ilog Acheron sa Mundong Ilalim. Doon daw dumaan ang Nanay papunta sa Elysium. Doon daw dinadala ang mga naging mabuti dito sa Mundong Ibabaw. Doon sa dulo ng Mundong Ilalim, katabi ng isang ilog."

"Ilog Lethe," aniya dahil alam naman ng lahat ang tungkol sa lima raw ilog sa Mundong Ilalim. Tulad ng ibang mga kuwento tungkol sa nasabing mundo, hindi sigurado kung totoo ang mga nakasulat sa libro dahil walang nagtatangkang kompirmahin sa pamamagitan ng ekspedisyon.

"Ang sabi ni Lola, pinainom daw si Nanay ng tubig galing sa Ilog Lethe kaya hindi na niya kami dinalaw." Nabahiran ng lungkot ang mga mata nito. "Totoo kaya `yon? Na kapag nakarating na ang kaluluwa sa Mundong Ilalim, paiinumin ng tubig mula sa Ilog Lethe para malimutan na ang mga mahal sa buhay na naiwan sa Mundong Ibabaw?"

Itinaas niya ang mga balikat. "Hindi ko alam, Thea."

"Minsan, gusto kong magpunta sa Mundong Ilalim para masundo ko si Nanay. Kaya mo bang makita ang mga namatay na?"

Umiling siya. "Hindi ako nigromante."

"Saan kaya mayroong ganoon?"

Itinaas niya ang mga balikat kahit pa nga batid na isa iyong madilim na salamangkang ayaw na ayaw ng kanyang ina na pag-aralan man lang.

Tumunog na ang kampana, ibig sabihin ay tapos na ang kanilang isang oras na tanghalian. Nagbalik na sila sa klase. Nakatayo ang kanilang guro sa unahan, nakapatong ang kamay sa balikat ng isang bagong mag-aaral na lalaki.

Kumabog ang dibdib ni Illyria. Hindi niya maalis ang pagkakatingin sa batang lalaki sa unahan. Kulay-matingkad na ginto ang buhok niyong alun-alon, luntian ang mga mata, matangos ang ilong, makakapal ang mga kilay.

"Mga bata, siya ang magiging bago ninyong kaklase, si Kallus. Anak siya ng Gobernador Achilles," tukoy ng guro sa gobernador ng kanilang lalawigan na sinasabing tatakbo bilang senador ng kaharian sa nalalapit na eleksiyon. Baka raw kalaunan ay maging senador pa ng emperyo.

Ngumiti si Kallus, tumango habang nakatingin sa lahat. Dumaan sa kanya ang mga mata nito at anong kabog ng kanyang puso. Naglakad ito sa gitna ng silid, nilagpasan siya at tumuloy sa bakanteng upuan sa tabi ni Leia. Doon ito pumuwesto. Ngumiti si Leia rito at ngumiti rin ito sa babae.

"`Wag kang tumingin. Ano ka ba?" bulong sa kanya ni Thea.

Noon lang siya natauhan. "Ang sarap isumpa niyang Leia na `yan," sambit niya, umusli ang mga labi sa inis.

# *KABANATA 2*

Napanganga na lang si Illyria nang hablutin ni Leia ang kuwadernong hawak niya. Humagikgik ito kasama ang mga kagrupo, saka tumakbo palayo.

"Leia, ano ba?!" aniyang hinabol ang mga ito.

"Ibalik mo `yan!" sigaw dito ni Thea, nakikitakbo kahit nahuhuli dahil sadyang hindi ito mabilis kumilos.

Itinaas ni Leia ang pulang kuwaderno, saka iwinagayway. "Subukan mong kunin!" pakantang wika nito, muli na namang tumakbo.

Sa pagkakataong iyon ay binubuklat na

nito ang mga pahina habang tumatakbo pa rin. Gusto nang mapaiyak ni Illyria. Walang karapatan si Leia na basahin ang diary niya! Kailangan niyang makuha ang kuwaderno. Pero paano niya magagawa nang hindi gagamit ng salamangkang mahahalata nito? Mahirap. Wala pa sa ganoong lebel ang kakayahan niya. Ang tanging maaari niyang gawin ay ang tiyaking hindi nito mababasa ang ibang mga pahina bukod sa nabuklat na nito.

Umusal siya ng inkantasyon. Batid niyang tanging ang dalawang pahina ang mababasa ng babae.

"*Dear Diary,*" basa ng babae, humagikgik. "*Nakita ko si Kallus sa plaza kasama ang mga magulang niya. Namimili sila ng gamit sa eskuwela, tulad namin ni Nanay. Tumingin siya sa akin at ngumiti. Buong-buo na ang araw ko. Ang guwapo-guwapo niya.*"

Nagtawanan ang mga babae, patuyang tawa, na para bang may nakakatawa sa mga isinulat niya sa kuwaderno. Ano ang dapat

pagtawanan ng grupo sa personal niyang saloobing ninakaw ng mga ito nang ganoon na lang?

Nagpatuloy sa pagbasa si Leia. "*Sana maging kaklase ko uli si Kallus. Ngayong huling taon na namin sa eskuwela, sana mapansin na niya ako. Sana makatabi ko siya sa Sining para makita niyang mahusay ako sa pagpipinta. Gusto ko siyang ipinta. Gusto kong lumikha ng mga tula para sa kanya. Gusto kong malaman niyang bumibilis ang tibok ng puso ko kapag tumitingin ako sa mga mata niya.*

"*Sana, yayain niya akong kumain minsan. Pangarap ko iyon, mula pa noong unang taon niya sa eskuwela. Ang tagal-tagal ko na palang may gusto sa kanya, pero hindi pa rin niya ako pinapansin. Hay.*

"*Nagagandahan kaya siya sa akin? Napapansin kaya niyang mahusay ako sa klase? Hindi man kasinghusay ng iba, hindi naman ako magpapahuli. At kahit sa Sining ako nangunguna, may ibubuga rin naman ako sa Agham. Iyon lang, sa Pilosopiya siya mahusay.*

*Ang sabi, baka raw ganoon talaga ang mga taong may kinabukasan sa politika. Siguro, tatakbo rin siya sa senado, tulad ng tatay niya.*

"*Lahat ng nararamdaman ko para kay Kallus ay inaasahan kong maibabalik niya balang-araw. Sana wala siyang gusto kay Leia. Nakakainis naman ang babaeng iyon. Ang yabang-yabang! Akala mo kung sinong maganda, porke malaki ang dibdib.*"

Alam ni Illyria na doon na naputol ang nakasulat sa pahina. Mabuti na lang din dahil kung mababasa ni Leia ang iba pang sumunod doon, malamang na magwala ito. Inilista niya ang mga kapintasan ng babae sa pag-uugali dahil wala siya halos makitang kapintasan sa pisikal nitong anyo. Lalo nang gumanda ang kaklase niya. Mukha itong dalagang-dalaga na, sopistikada, at maaaring ihanay sa mga modelo ng mga damit, kung hindi man ay sa artista sa entablado, o mga asawa ng hari at emperador.

Itiniklop na ng babae ang kuwaderno, ngumisi sa kanya.

"Alam mo ba, Insenso, na matagal nang alam ng buong eskuwelahan na may gusto ka kay Kallus? Kasi ganito ka kung makatingin sa kanya." Ipinikit-pikit nito ang mga mata, itinaas ang balikat. Naghagikgikan ang grupo.

Ibinato ng babae ang diary sa sahig. "Sa akin may gusto si Kallus. At kapag sinagot ko na siya, ayoko nang titingin-tingin ka sa boyfriend ko, naiintindihan mo ba, Insenso?"

Hindi siya umimik dahil ang enerhiya ay inilaan sa pagpipigil sa sumpang gustong kumawala mula sa kanyang mga labi. Kayang-kaya niyang gawing palaka ang babae, isang bagay na matagal na niyang pinapangarap.

"Tama na `yan. Baka kulamin ka. Mangkukulam daw `yan!" bulong dito ng isang kaibigan.

Tumawa si Leia. "Subukan niya lang. Lagot siya kay Papa."

Tumalikod na ang grupo. Napatingin si Illyria sa paligid. Nakatingin sa kanya ang mga kaeskuwela. Nangilid ang mga luha niya sa galit at pagkapahiya, dinampot ang

kuwaderno, saka tumakbo patungo sa bodega. Nakasunod sa kanya si Thea.

Nang makapasok sa silid ay naupo siya sa isang silya, nakakuyom ang mga kamao, pinipigilang umalpas ang galit. Hindi niya maunawaan kung bakit mayroong mga taong tulad ni Leia na taglay na ang lahat ay parang kulang pa at kailangan pang pasamain ang loob ng ibang tao.

"Gantihan na natin `yang si Leia! Masyado nang malaki ang ulo, eh!" si Thea.

Hindi talaga nakakatulong ang kaibigan niya kung pagtitimpi ang pinag-uusapan. Mahina ang pasensiya nito, mas mahina pa sa pasensiya niya. Siya ang madalas pumipigil sa gusto nitong gawin. Sa katunayan, noong nakaraan ay pinasukan nito ng de-sabog ang bag ni Leia. Madaming nabibiling ganoon sa mga tindahan ng mga paputok. Hindi na ito nakatiis dahil pinintasan ito ni Leia sa harap ng crush nito. Bilang ganti, binalak ni Thea na pasabugin ang mga gamit ng babae. Pero sa huling sandali ay pinigilan niya ito.

Kinumbinsi niya itong hindi nababagay ang tagal ng parusa sa gagawin nito sa saglit na kasiyahang makita ang babaeng masama ang ugali na magdusa. Agad din kasing makakabili ng kapalit na gamit si Leia, pero si Thea ay maaaring makulong sa loob ng ilang buwan, bukod sa tiyak na mapapaalis ito sa eskuwelahan. Kaya naman sa ganitong pagkakataon, hindi ang kanyang kaibigan ang dapat mang-alo sa kanya dahil lalo siyang mapapahamak.

"Nasa akin pa rin `yong de-sabog. Gamitin na kasi natin," anito, determinado.

"Hayaan mo na lang siya, Thea. Mapapahamak lang tayo sa kanya."

"Hindi ko alam kung bakit kahit sinumbong na natin, palaging hindi napaparusahan!" pagpapatuloy ng kanyang kaibigan, umalog ang mga baba sa inis. "Sigurado ka bang ayaw mo pa rin siyang gawing palaka?"

Sukat bigla siyang napatawa. Kung alam lang nito ang kanyang matinding pantasya.

Kapag nagawa na niyang palaka si Leia, dadalhin niya ito sa gitna ng tubigan, sa ibabaw ng water lily, tingnan lang niya kung hindi ito manginig sa takot at pangamba. Kahit isang gabi lang, maranasan lang nito kung paano matakot nang lubos.

Ang totoo, kung gugustuhin lang niya ay madali nang isumpa ang babae, lalo na ngayong mas madami na siyang alam na sumpa, kabilang na roon ang mga makapangyarihang sumpa. Ibig sabihin, kung noon ay kaya lang niyang gawing palaka si Leia sa loob ng siguro ay isang oras, ngayon ay kaya na niyang patagalin iyon. Hindi pa siya kasinghusay ng kanyang ina para gawing panghabang-buhay ang sumpa, pero sapat na para magtanda si Leia. Pero bakit niya sasayangin ang bawi ng sumpa?

Bawat makapangyarihang sumpa ay mayroong bawi, pisikal o mental na epekto sa nanumpa. Ilang taon sa buhay ang bawi niyon, o kung hindi man ay kabawasan ng katinuan. Hindi na nakapagtatakang

madaming salamangkero ang nagpapalipas ng mga huling taon sa kung saang institusyon o ospital para sa mga may diperensiya sa pag-iisip; habang ang iba naman ay literal na ikinamamatay ang mga binibitiwang sumpa.

Tinabihan siya ni Thea. "Masyado kang mabait."

"Hindi naman. Ayoko lang sayangin ang oras ko sa tulad niya."

"Pero sumusobra na siya. Walang dahilan para maging gano'n siya kasalbahe."

Buntong-hininga ang naging tugon niya. Ano pa ba ang masasabi niya kung totoo naman ang hinaing ni Thea? Ilang ulit na rin niyang naitanong sa sarili kung bakit palala nang palala ang ugali ni Leia, pero paganda naman ito nang paganda, kaya lalong naging kapansin-pansin kay Kallus.

"Sasagutin niya si Kallus," sambit niya.

"Hmp! Kahit naman sino ang ligawan ni Kallus, sasagutin din. Kung gusto mo, Illyria, sa bahay ka na lang matulog bukas. Magpaalam ka sa nanay mo. `Tapos

magkuwentuhan tayo buong gabi. Magpaplano tayong gumanti."

Natawa siya bagaman sinabi, "Sige, magpapaalam ako kay Nanay."

"Sasamahan na lang kitang magpaalam. O kung gusto mo, ako na lang ang matutulog sa inyo!" halos tili nito. Noon pa ito nagyayayang matulog sa bahay nila pero hindi niya alam kung papayag ang kanyang ina.

"Naku, hindi ko sigurado, saka gagabihin ka kung sasama ka sa akin. Ganito na lang, pumayag man o hindi, pupuntahan kita bukas sa inyo."

"Sige. `Tapos, bago mag-uwian, dadaan tayo sa plaza, ha? Ngayon ang araw ng pagsalubong, baka nakakalimutan mo."

Napatango siya. Maaga silang pauuwiin sa araw na iyon para hindi makasagabal sa seremonya sa plaza mamaya. Araw ng pagsalubong, ang hudyat ng simula ng pagbubukas ng mga academia militar sa kanilang lalawigan. Palagi iyong en grande.

Nang matapos ang klase sa araw na iyon ay

naglakad na sila ni Thea patungo sa plaza. Masama ang kanyang loob dahil kumalat sa eskuwelahan ang nangyari kanina. Iyon siguro ang dahilan kung bakit parang hindi makatingin sa kanya si Kallus nang makasalubong niya ito sa pasilyo ng eskuwelahan.

Nagkukukot ang kanyang kalooban habang naglalakad, mainit pa ang panahon at hindi iyon nakatulong. Kung minsan, naiisip niyang sana ay may bahay na lang sila sa bayan, pero siya rin ang umaayaw sa ideya dahil hindi niya gusto ang mga tao sa bayan na iyon.

"`Wag ka nang mainis," pag-aalo ni Thea sa kanya. "Magsisimula na ang parada. Madaming poging dayo! Malay mo, makakita ka ng ipapalit kay Kallus."

Napatawa na tuloy siya. Ang hilig talaga sa guwapo ni Thea!

Maingay na sa plaza nang makarating sila roon. Mayroong mga nagsasaboy ng mga confetti mula sa gusali sa magkabilang panig

ng kalsada. Kahit ang mga pantaong tulay ay puno rin ng mga taong nagsasaboy ng makukulay na papel. Mayroong mga banderitas na kulay-asul, sa gitna ay mayroong gintong tatak ng simbolo ng lalawigan at ng kaharian. May mga bandera ding nakaladlad sa mga poste sa tabing-daan, tatlong magkakaiba, ang bawat isa ay sumisimbolo sa pinakamalalaking academia.

Buhay na buhay ang mga tindahan, mula pagkain, bulaklak, hanggang sa mga souvenir at laruan—mga espada-espadahan at pana na yari sa kahoy, mga manyikang sundalo, at iba't ibang gamit na mayroong tatak ng tatlong naglalakihang akademyang ipinagmamalaki ng lugar.

Ganitong mainit ang panahon, samot-saring palamig ang nakahilera sa mga tindahan, nakalagay sa malalaking garapong puno ng yelo, pinagpapawisan at umuusok sa lamig. May katas ng sariwang lemon, katas ng dayap, matamis na tsaa, kremang mangga, kremang strawberry, buko, mais, pinya, at

napakadami pang iba.

“Halika, ililibre kita,” aniya sa kaibigan.

“Strawberry ang sa akin, `yong malaki,” sabi ni Thea.

Nakakatakam ang naglalakihang strawberry sa higanteng garapon, may krema, gatas, asukal, at yelo. Pero mas gusto niya ang malamig na tsaa ganoong mainit ang panahon. Bumili na siya. Binigyan sila ng tindero ng mga inuming nakalagay sa malalaking basong may tatak ng okasyon.

Nasa tabing-daan sila habang naghihintay sa magaganap na parada. Naglakbay ang isip niya patungo kay Kallus. Nitong huling mga linggo, naitatanong niya kung saan kaya ito magpapatuloy ng pag-aaral.

Sinabi niya sa kanyang nanay na gusto niyang mag-aral ng pagpipinta, pero mangangahulugan iyon na magtutungo siya sa ibang kaharian kung saan pinakamahusay ang mga kurso ng sining. Ang sabi ng kanyang nanay, wala naman daw problema rito. Naihanda naman daw siya nitong

maging independent. Dagdag pa nito, kung nais daw niyang magpakadalubhasa ay walang problema rito. Susuportahan siya nito hanggang kailangan niya.

Alam niya naman iyon. Wala silang problema sa pera. Sa katunayan, ang mga salamangkerang tulad ng kanyang ina ay hindi nauubusan ng mga kliyente. Pero parang nalulungkot siyang isiping malalayo siya rito. Gayunman, kapag naiisip niya ang posibilidad na sa iisang kaharian sila mag-aaral ni Kallus, mayroon siyang kasiyahang nadarama.

Sa Kaharian ng Antiguo matatagpuan ang malalaking unibersidad na kilala sa Sining, Pilosopiya, at Politika. Naroon din ang kapitolyo ng emperyo. Kung susundan ni Kallus ang yapak ng ama, siguro ay doon din ito mag-aaral. Sa pagkakataong iyon siguro, hindi na nila magiging kaklase si Leia dahil dinig niya ay sasali ito sa isang mutyaan o patimpalak ng kagandahan. Mukhang iyon din ang karerang pipiliin nito.

Bakit pa siya magtataka kung ang mga karaniwang nananalo sa mga ganoong patimpalak ay nagiging maharlika, nagiging asawa ng kung sinong de-titulong ginoo. Bakit pa nga ito mag-aaral nang ilang taon, magpapakahirap sa akademya, kung kahit ano pa ang gawin nito roon, hinding-hindi ito magiging maharlika? Samantalang kung matitipuhan ito ng isang de-titulo, wala na itong mahihiling pa dahil makokompleto na ang katauhan nito—superpisyal, materyosa, ganid, at sumasamba sa titulo.

Naitirik niya ang mga mata, dama ang matinding inis kay Leia. Sino ba ang puwedeng sumisi sa kanya? Mula noong sampung taon siya, hanggang ngayong katorse na siya, wala nang ginawa ang isang iyon kundi ang puntiryahin siya.

Noon tumunog ang malakas na kalembang ng gong at ang buga ng trumpeta. May pumailanlang na tinig.

"Maligayang pagbati sa lahat! Ngayon po ang hudyat ng ating taunang pagsalubong!"

Nagpalakpakan ang mga tao. Nakipalakpak si Illyria, saka napatingin sa paparating na mga guwardiya ng gobernador. Apat na sundalo iyon, nakaunipormeng pantalon at pang-itaas na mahaba ang manggas, may kuwelyo, nakahakab sa katawan. Kulay-asul ang uniporme, ang kulay ng kanilang lalawigan. May katernong kapa iyon na kaparehong kulay din, may burdang gintong sinulid sa laylayan at malaking simbolo ng heraldry sa likuran—isang pegasus sa gitna ng kalasag na mayroong magkakrus na espada sa unahan. May sinturong balat ang mga sundalo, kung saan nakasabit ang mga armas. Ang suot ng mga ito sa paa ay mataas na botang yari din sa balat. Tinitiyak ng mga iyong walang haharang sa daan. Paparating na ang Gobernador Achilles.

Ang pinuno ng kanilang lalawigan ay kilalang sundalo. Sa katunayan, ang pangunahing kalakal ng Sinag-Duyog ay ang militar. Ang mga unibersidad sa kanilang

lalawigan ay pangsundalo lamang. Pangkaraniwan nang nagtutungo sa ibang lalawigan, kung hindi man ay kaharian, ang mga taga-Sinag-Duyog na gustong magpatuloy sa ibang larangan.

Madaming nagsasabing ang mga sundalong mula sa kanila ay nakahihigit pa sa mga sundalong maharlika—ang mismong sundalo ng emperador—dahil ang mga iyon ay kinuha rin sa kanilang lugar. Ang mga nagturo at nagsanay sa mga sundalong maharlika ay galing din sa mga academia militar nila. Maging ang mga miyembro ng Hukbong Asero, isang grupo ng mga mersenaryong natatangi, ay sa kanila rin nagsanay.

Hindi pa nagtagal ay natanawan na nga niya sa kalangitan ang dramatikong paglipad ng karwahe ng gobernador, hila-hila ng isang grupo ng mga pegasus na kulay-puti. Nagyao't dito iyon sa kalangitan, saka napakabanayad na lumapag ang mga nakabibighaning hayop sa kalsada, mayuming itinupi ang mga

pakpak, at tahimik na naglakad hila ang karwahe ng pinuno. Kulay-asul iyon, may emblem na ginto. Ang mga pegasus naman ay mayroong sapin sa likuran na kakulay din ng uniporme ng mga sundalo, may gintong burda rin.

Isang matikas at matangkad na lalaki si Gobernador Achilles, mahaba ang buhok, at kahit nakangiti ay parang anomang sandali ay maaaring mamugot ng ulo. Suot nito ay kawangis din ng sa mga sundalo, maliban sa kulay-puti iyon at mayroong bakal na proteksiyon sa magkabilang balikat.

Ilang ulit na siyang nakakapanood ng prusisyon pero hindi kailanman mababawasan ang pagkamangha niya sa mga hayop. Bihira na ang mga pegasus sa kagubatan at hindi na nagpapakita sa ibang nilalang. Ang mga pegasus na ito ay hindi na lumaki sa kagubatan kundi sa malawak na rancho ng lalawigan, kung saan pinaparami ang mga ito. Ang ikalawang kalakal ng Sinag-Duyog ay ang mga pegasus.

Nagsimula ang ingay ng mga trumpeta at tambol. Nagmartsa na ang parada. Iba't ibang uri ng sundalo ang kasali sa en grandeng palabas at martsa—mula hukbong-lakad na may nakasukbit na mga espada o lalagyan ng pana sa likuran, hanggang sa mga kabalyerong sakay ng mga kabayo, maging mga kalesang pandigma na hila-hila ng tatlo o higit pang kabayo.

Ang ibang mga manonood ay hindi magkandamayaw sa pagsasaboy ng makukulay na papel, sa pag-aalay ng mga bulaklak, o pagsasabit ng mga kuwintas ng rosas sa mga sundalo. Mataas ang paggalang ng lahat sa mga mandirigmang ito.

Napakaganda ng palabas, ng pagpapakitang gilas ng bawat akademya. Mayamaya ay narinig na nila ang sabay-sabay na yabag ng mga elepanteng pandigma, higit pang mataas kaysa sa mga gusaling nakahilera sa kalsada, ang mga pangil ay ubod ng haba at laki at kayang sakyan ng ilang katao. May suot iyong bakal na armor sa mukha, proteksiyon

sa mga pana at iba pang pag-atake sa gitna ng laban.

Sa ibabaw ng mga higanteng elepante ay may malapad na unipormeng sapin, katulad ng sa mga kabayo, at sa ibabaw niyon ay may pasadyang upuan. Isang hukbong binubuo ng pitong sundalo ang sakay sa bawat elepante, ang nagkokontrol sa mga nakamamanghang hayop. Sa kanilang lalawigan din sinasanay ang mga elepanteng pandigma.

Ang ilang mga manonood ay sumabay sa parada papasok sa palasyo ng gobernador na nasa kabilang dulo ng plaza. Alam ni Illyria na punong-puno na doon ng tao at aabutin ng gabi ang selebrasyon. Hindi siya pinapayagan ng ina sa ganoong mga pagtitipon dahil delikado raw ang pag-uwi sa gubat kapag malalim na ang gabi. Si Thea naman ay hindi rin pinapayagang gabihin.

“Tara na?” yaya niya sa kaibigan kahit hindi pa tapos ang parada.

“Maghintay ka nga!” irap nito. “Hindi ka man lang ba interesadong tumingin-tingin ng

mga pogi?"

Natawa tuloy siya. Pinagbigyan na lang niya ang kaibigan. Nagsisimula na rin naman ang matrsa ng mga kadete. Ang suot ng mga iyon ay ang uniporme ng kanya-kanyang akademya na halos katulad din ng sa sundalo, maliban sa walang kapa at ang kulay ay base sa bandila ng eskuwelahan.

Ang nangunguna sa parada ay ang mga nakaberde, mula sa Sinag-Duyog Institusyon Militar. Iyon ang itinuturing na eskuwelahan ng mga sundalong hindi lumalaban mismo sa digmaan—mga mediko, tagapangasiwa ng nabigasyon, tagapagsanay ng mga elepante, tagapagkumpuni ng karwahe, at iba pa.

"Hmp! Bakit ang papangit palagi ng mga taga-SDIM, `no? Pansin mo? Bakit mukhang mga tatay na?" angal ni Thea.

Ang lakas ng tawa niya. "Luka-luka ka talaga!"

"Totoo lang naman. Tingnan mo nga `yan." Inginuso nito ang isang lalaking napakatangkad at laki ng katawan. "Mukha

bang first year `yan? Mukhang pito na anak at buntis pa si Misis."

Tawanan sila nang tawanan. Napakamaldita talaga ni Thea.

Ang sumunod sa parada ay ang mga nakakulay-itim, mula naman sa Akademya Taktikal ng Sinag-Duyog, na siyang nagsasanay para sa mga hukbong pandagat at langit. Panay ang pisil ni Thea sa braso niya sa bawat guwapong nakikita kaya naman nanakit na iyon.

At ang huli sa parada ay ang mga elitistang kadeteng mula sa Institusyon ng Sandatahang Lakas ng Sinag-Duyog, ang mga sundalong malapitan ang laban at mas matindi ang pagsasanay. Ang uniporme ng mga ito ay kulay-pulang matingkad, parang hinog na sinigwelas.

"Diyos ko, ang guwapo!" impit na tili ni Thea.

Sinundan ni Illyria ang tingin ng kaibigan. "Saan?"

"`Yong matangkad sa dulo! `Yong nasa

ikalimang linya!" patuloy nitong tili, saka hinarang ang dumaang naglalako ng bulaklak. Bumili ito ng isang bungkos, mabilisang hinati sa dalawa, saka siya hinigit palapit sa martsa.

"Ano ka ba?!" saway niya ritong natatawa.

"Baka kabiyak-puso ko na `to, sshh!" anitong higit-higit pa rin siya.

Nang makarating sa kadete ay agad nitong inabot ang bulaklak, pulang-pula ang mukha. Malaking lalaki iyon, kulay-pula ang buhok, at namula ang mapusyaw na balat nang tanggapin ang bulaklak.

"Salamat," anang kadete, ngumiti, kahit patuloy sa pagmamartsa. Ito ang nasa dulo ng linyang iyon.

"Thea," habol na pakilala ng kaibigan niyang nakisabay sa martsa. Hawak-hawak pa rin siya nito sa braso kaya napamartsa na rin tuloy siya. "Kung gusto mo akong ligawan, magpaalam ka sa tatay ko."

Halos mapanganga siya kay Thea. Pero siguro malakas lang ang loob ng babae dahil

halos parang artista ang mga sundalo kapag ganitong selebrasyon.

"May panaderia dito sa bayan, Serilda's ang pangalan. Pangalan `yon ng nanay ko. Hanapin mo doon ang tatay ko, ginoong kadete. Aasahan kita."

Nakasunod pa rin siya sa kaibigan, higit-higit pa rin nito kaya hindi niya na nakita ang nakausling bato sa daan. Natapilok siya. Nabitiwan siya ng kaibigang siguro ay hindi na namalayan na nadapa siya dahil patuloy pa rin ang luka-luka sa pakikipaglandian sa kadete.

"Ayos ka lang?"

Napalingon siya at nakita ang isang kamay na nakalahad sa kanya. Tinanggap niya iyon. Inalalayan siyang makatayo ng lalaki. Kadete rin ito, pero base sa nakaburdang numero sa kaliwang dibdib na katabi ng pangalan, ang lalaki ay nasa ikalawang taon na sa akademya. Ang pangalan nito ay Pertho Leonis.

"O-oo. Salamat."

Yumukod ito tanda ng paggalang at

pamamaalam, saka muling sumali sa martsa. Noon lang niya naunawaang napakabilis ng tibok ng kanyang puso, epekto ng mga mata ng lalaking matiim kung makatingin, at hindi niya maunawaan kung bakit.

# *KABANATA 3*

"Magandang umaga."

Muntikan nang mapaungol si Illyria nang mapagbuksan ng pinto ang isang babaeng siguro ay edad kuwarenta. Walang espesyal sa hitsura nito—ordinaryo ang mukha, tangkad, buhok, at katawan. Wala siyang inaasahang bisita sa mga sandaling iyon. Sa katunayan ay paalis na siya mayamaya. Isang buong buwan na niyang hinihintay dumating ang araw na iyon.

"Magandang umaga naman po. May kailangan po sila?"

"Ikaw ba si Illyria?"

Tumango siya. "Ako nga po. Sino po sila?"

Inilahad nito ang kamay na inabot niya naman. “Yana. Siguro naitatanong mo kung paano kita nakita.” Tila may pagmamadali nitong binuksan ang nakasukbit na bag, saka kinuha mula roon ang isang tarheta at iniabot sa kanya. Isang tingin pa lang doon ay alam niya agad kung sino ang nagbigay, si Madame Melisende, may-ari ng apotekarya sa kabilang bayan at suki niya.

“Paalis po kasi ako ngayon,” aniyang sumulyap sa relo sa pader. “Nabanggit po ba ni Madame Melisende ang proseso?”

Tumango ito. “Mag-iwan ng sulat, kung hindi man ay tarheta sa kanya at ikaw ang magsasabi sa akin kung kailan. Pasensiya na, Illyria, pero hindi na ako makapaghintay. Nagkataong mayroon akong ganito.” Inilabas nito mula sa bulsa ang isang tala-direksiyon.

Bihira ang mayroong ganoon, isang sinaunang mekanikal na kagamitang nagsasabi ng direksiyon. Ang mga ganoon ngayon ay pangdekorasyon na lamang, kung hindi man ay mahinang klase.

"Tuloy po, Madame Yana," aniya.

Agad itong tumalima. Hinubad nito ang poncho nang makapasok sa bahay. Mukhang aligaga ang babae, problemado. Siguro nga, sadyang hindi na makapaghihintay ang sadya nito.

"Maganda," komento nito nang mapasulyap sa isang larawang ipinipinta niya.

"Salamat. Hali po kayo."

Naglakad siya patungo sa komedor. Sinilbihan niya ng kape ang babae. Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niyang lumundag-lundag pasilip si Calixta, habang si Daniella naman ay walang patumpik-tumpik na pumuwesto sa gitna ng mesa, diretsong tumingin at kinilatis ang bisita.

Muntikan na niya itong sawayin pero hindi alam ni Madame Yana na isang pamilyar ang pusang itim. Dalawa ang ipinamanang pamilyar sa kanya ng ina kaya hindi na siya nag-abalang kumuha ng sarili niya. Sapat na ang dalawang makulit na nakabuntot sa kanya.

"Ang sabi sa `kin ni Madame Melisende, ikaw daw at ang nanay mo ang pinakamahusay niyang nakilalang salamangkera," ani Madame Yana, walang pag-aalinlangang humigop ng kape. Bihira ang mga bisitang parokyano na walang kaba sa pagtikim ng anomang ihain niya. Pangkaraniwan na sa mga itong hindi galawin ang isinisilbi niya. Suwerte nang maupo dahil kadalasang hindi man lang hahawak sa kahit na ano, na tila ba natatakot mag-iwan ng bakas. Sadyang ganoon ang mga taong walang tiwala sa kausap, kung hindi man ay takot, labis ang pag-iingat, o madaming narinig na babala mula sa iba. Mga babalang marahil ay totoo.

Pero iba si Madame Yana.

"Masarap ang kape. Magugustuhan ito ng asawa ko," komento ng babae, ngumiti.

Sinuklian niya ang ngiting iyon, saka pumuwesto sa upuan sa tabi nito. "Padala po ng nanay ko. Ano po'ng maipaglilingkod ko, Madame?" Muli siyang napasulyap sa orasan

sa pader. Dapat na matapos siyang kausapin si Madame Yana sa loob ng kalahating oras para makapaligo pa siya bago lumakad.

"Kailangang gumaling ang asawa ko."

"Ano po'ng sakit niya?"

"Isang tumor sa puso. Galing sa isang sumpa. Madami na akong napuntahan, naubos na ang lahat ng pundar naming mag-asawa. Kung saan-saan ko na siya nadala." Inilabas nito mula sa bag ang isang telang supot, inilapag sa mesa, saka itinulak sa kanya. "Ginupit na kuko niya at buhok."

Mukhang sanay na nga ang babae sa proseso dahil sa mga iyon niya maaanalisa ang sumpang bumabalot sa asawa nito. Tumayo siya at kumuha ng isang maliit na botelya mula sa cabinet na puno niyon. Inabot din niya ang isang malinis na almires at isinalin doon ang laman ng lalagyan. Kumurot siya ng kaunting pulbos mula sa isang sisidlan at ibinudbod sa almires, dahilan para agad kumunat ang kuko at buhok at madikdik niya hanggang sa maging pulbos.

Ilang pulbos at likido ang inilagay niya sa almires, at sa huli at sinilaban. Nang humupa ang apoy, hindi man nalantad kung sino ang lumikha ng sumpa ay nakita niya nang malinaw kung gaano na kalala ang sakit ng asawa ni Madame Yana.

Sa sulok ng mga mata ay nakita niyang lumipad si Calixta para makalapag sa trosong biga ng bahay. Tsimosa rin, gustong malaman ang impormasyon.

"Isang komplikadong sumpa, Madame. Hindi ito basta maaalis. Ang kailangan—"

"Ang sabi ng huling nakausap ko, isang malaking sakripisyo sa akin ang kailangan."

Tumango siya. "Bakit sa akin ka lumapit?"

Pareho nilang alam ng babae kung ano ang kailangan dahil mukhang nasabi na rito ng huling nakausap na salamangkero o salamangkera.

Bumuntong-hininga ang babae. "Hindi ko alam kung kilala mo siya, sa pagkakaalam ko ay may kabal kayo, hindi ba? Pero hindi siya tumupad sa usapan. Napakalaki ng ibinayad

ko sa kanya para gamitin ang… a-ang ibinigay kong… ang ibinigay k-kong—"

"Parte ng katawan ninyo?"

Umiling ito, yumuko nang bahagya, naging mailap ang mga mata. "Parte ng katawang binili ko sa… sa ilegal na paraan."

Napatango siya. Malawak at marumi ang kalakaran sa ilegal na pamilihan ng emperyo, isang bagay na hindi masolusyonan. Doon nakakabili ng lahat ng ipinagbabawal, kabilang na ang bahagi ng katawan ng tao—mula bato hanggang puso.

"Puso ng iba?" aniya.

Napatingin agad ang babae sa kanya, panay ang pag-iling. "Hinding-hindi ko gagawin! P-pero b-bato ng iba."

Bakas sa babae na labis itong nagsisisi. Siguro, naisip nitong mas mainam nga naman ang pagbili ng bato ng iba, kaysa puso. Dahil kapag puso ay nangangahulugan lang iyon na mamamatay ang pinagkunan, dahil iyong mga nasa bingit na ng kamatayan ay karaniwang ibinebenta ng kamag-anak sa

pinakamalaki ang alok—karaniwan ay mga maharlika o mga namumuhunan, kung hindi man ay inilalagak sa bangko para pakinabangan kung kakailanganin sa hinaharap. Karaniwang mayayaman lang ang kayang gumawa ng huli.

Dumiin ang pagkakahawak ng babae sa sukbitan ng bag nito, mukhang nagalit. "Binenta ko ang bahay para lang ipambayad. Pero hindi niya ginamit ang bato, kundi pinalitan ng daliri ng kung sino. Bumuti lang ang asawa ko ng ilang buwan at nagbalik din ang tumor."

"Ikinalulungkot ko pong marinig, Madame," aniya. Madami ring miyembro ng kabal ng mga salamangkero ang ganoong walanghiya, mapagsamantala. Malamang na ginamit niyon ang bato sa kung saang espesyal na posyon na mahal nitong naibenta. Saan nga naman maghahabol si Yana? Hindi ito puwedeng magsumbong sa kinauukulan dahil sa ilegal na pamilihan nito nabili ang bato. Makukulong lang ito.

"Wala na akong magagawa pa doon. Ang importante na lang sa `kin ngayon, gumaling ang mahal kong Manoling. Heto…" Kinuha nito sa bag ang isang malaking garapon na naglalaman ng bato. "Sa akin mismo iyan at siguradong mas mabisa, iyon ang sabi ng huli kong nakausap. Umaasa akong naloko man niya ako, totoo naman sana ang sinabi sa akin."

Tumango si Illyria. "Tama. Kung galing sa nagmamahal ay higit na mabisa. Sino po ang nagtanggal sa bato n'yo?"

Napangiwi ito, napahawak sa likuran. "Isang albularyo."

"Maaari ko po bang makita?"

Tumango ang babae, umiba ng upo sa gayon ay hindi na nakalapat ang likod nito sa sandalan ng silya. Ibinaba niya ang baywang ng palda nito, saka itinaas ang blusa. Nakadama siya ng galit dahil may impeksiyon ang magaspang na tahi. Namamaga rin ang malaking bahagi ng likuran ng babae.

"Bibigyan ko kayo ng gamot—"

“Hindi ko alam kung sasapat ang pera ko—”

“Wala kayong aalalahanin.”

Sukat bigla itong umiyak. “Napakabuti mo. Tama si Madame Melisende.”

“Tumahan na po kayo, Madame,” aniyang kumuha ng langis sa estante. Ipinahid niya iyon sa balat nito sa likod. Agad na natuyo ang tahi at humupa ang pamamaga.

Biglang pumihit ang babae, nakanganga. Kinapa nito ang likod, saka muling tumingin sa kanya. Tumulo na naman ang mga luha nito.

“Napakabuti mo. Ilang linggo ko nang iniinda ang sakit.”

“At kung hindi po natin ginamot, kakalat po ang impeksiyon na maaari ninyong ikamatay. `Wag na po sana kayong magpupunta sa mga albularyong kalye. Hindi po sila nag-aral at karaniwang hindi malinis ang gamit.”

Agad itong tumango. “A-ang gamot para kay Manoling,

m-magkano kaya aabutin?" Inilabas nito mula sa bag ang isang kahon na yari sa kahoy. "Ito ang huli kong mga alahas. Kung kulang pa, handa akong pumirma ng kasulatan—"

"Hindi na po kailangan, Madame."

Lumikha ng ingay ng pagtutol si Calixta. Malamang na ang dahilan ay ang katotohanang ang isa sa mga sangkap na gagamitin niya ay ito ang nagtiyagang maghanap sa buong emperyo at tatlong buwan halos bago nito nakita—ang bulaklak ng sinag-buwan, isang munting halamang kapag bilog ang buwan lang namumukadkad at karaniwang nagkukubli sa palumpong ng mga puno.

"Hindi, tanggapin mo ang lahat ng ito." Itinulak sa kanya ni Madame Yana ang kahon ng alahas pero umiling siya.

"Hindi na po. Maghintay na lang po kayo sa sala," aniya rito.

Agad tumalima ang babae, habang siya naman ay naghanda na ng mga kakailanganin. Nag-ingay na naman si

Calixta.

"Kung nandito ang nanay mo, madidismaya siya sa `yo. Ang baba mo na nga maningil ng paninda, nanlilibre ka pa," anang uwak.

"Ang tanong ko lang, tama bang isakripisyo niya ang sarili niyang bato? Baka wala na siya sa katinuan. Dapat sigurong mahimasmasan muna. Bigyan mo kaya ng inumin muna, Illyria," komento naman ni Daniella, lumundag nang tahimik sa ibabaw ng mga libro sa estante.

"Manahimik kayo, inuutos ko!" aniya.

Kapag sinabi niyang utos ay kailangan ng mga itong sumunod bilang mga pamilyar, iyon ang sumpa ng mga ito.

Nang maipatong na ang lahat ng mga botelya sa isang tray ay kinuha niya ang maliit na timbangang bakal, may dalawang sisidlan sa magkabilang panig at pointer sa gitna. Nagsimula na siya sa pagtitimbang at pagsusukat ng mga pulbos, iba't ibang pinatuyong hayop at insekto, katas at langis

ng iba't ibang halaman, at iba pa. Nang masukat ang lahat ng kailangan ay tumuloy na siya sa santuwaryo.

Katulad pa rin iyon ng dati, punong-puno ng mga kagamitan ang mga estanteng umaabot na sa kisame, mula bote at garapon, hanggang binurong mga mata ng hayop at ibang lamanloob. Sa itaas ay mayroong sabitan ng iba't ibang pinatutuyong halaman, insekto, hayop, kaldero, mga palayok, at iba pa. Sa ordinaryong mga mata marahil ay nakakalula ang dami ng mga bagay at kagamitang naroon, at marahil kapag nagsimula na siyang magluto ng gamot, gayuma, o langis ay nakakalunod ang iba't ibang mga aroma na pupukaw sa lahat ng kamalayan.

Minsan lang siyang nagsama ng tao sa santuwaryo, at iyon ay si Thea lamang. Alam niyang sa kauna-unahang pagkakataon ay nakadama ng takot sa kanya ang kaibigan dahil siguro hindi nito inasahan ang daratnan. Noon lang niya naunawaan kung gaano

katindi ang pagkakaiba ng kanilang mga mundo.

Hinding-hindi niya malilimutan ang panlalaki ng mga mata ng kaibigan nang simulan niya ang pagluluto ng ireregalo sana ritong pampapayat, na sa huli ay hindi nito ininom. Nang makita raw siya nitong magluto ng gamot ay saka lang nito naunawaan kung bakit ilang taon niyang tinanggihan ang hiling nito—dahil ang posyon ay artipisyal at sa huli ay baka makasama pa rito dahil kahit pisikal itong hindi na tataba ay hindi nito mababantayan ang nutrisyong pumapasok sa katawan dahil walang magiging manipestasyon sa panlabas. Baka isang araw, tulad ng babala niya, ay bigla na lang itong tumimbuwang nang hindi nalalamang bumigay na ang puso, atay, o bato nito.

Karaniwang hindi nauunawaan ng isang tao ang totoong gusto nito, at siguro, kung makikita ng mga ito ang proseso ng paggawa ay saka lang titimo sa isip ang katotohanang

hindi lamang simpleng gamot ang iinumin ng mga ito, kundi salamangka. At mas lalo iyong mabibigyang-diin sa pagsakmal sa pandama ng paggawa. May mga bagay na nalalasahan o nadarama sa bibig, tulad ng anghang, asim, pait, lamig, hapdi, lansa, tamis, o ang mala-metal na lasa ng dugo. Kadalasang naaamoy din ang ilan sa mga iyon, kasabay ng tapang at sansang ng mga timpla. Hindi rin maaaring maalis mamangha sa lahat ng kulay ng usok at mga munting pagsabog at pagliliyab mula sa kanyang palayok o kung alinmang lutuang gamit niya sa paggawa ng posyon.

Pero siguro ang paborito niya sa proseso ay ang pagdistila ng mga sangkap na naroon, tulad ng hamog, unang patak sa unang ulan ng taon o dekada, ang singaw ng lupa sa dapithapon… Ang takot ng leon kapag nasusukol, na nakikita niya sa dugo niyon; o ang tapang ng nanay na tigre kapag nalalagay sa kapahamakan ang mga anak, na nababasa niya mula sa gatas niyon; ang desperadong pagsinta ng isang sirena sa isang pirata, na

mula sa luha ng pagtangis ng sirena; ang pag-asa mula sa tubo ng puso ng tao. Ilan lang ang mga iyon sa komplikadong sangkap na nagagamit sa iba't ibang paraan.

Ang sekreto ng isang mahusay na paggawa ng mga posyon ay ang perpektong balanse ng pagtitimpla. Kailangan ng proteksiyon ng isang mandirigma? Maaaring gamitin ang balahibo ng tarantula kung simpleng proteksiyon lang ang kailangan. Kung patungo ito sa gitna ng laban, kaliskis ng dragon ang rekomendasyon niya. Pero kailangan din ng naturang sundalo ng mga munting bagay na maaaring hindi na nito naisip pa—ang abilidad na maalala ang ipinaglalaban nito pero sapat lang para mabuhayan ito ng pag-asa sa mga pagkakataong gusto na nitong sumuko. Para doon ay kakailanganin niya ng larawan ng pamilya nito o mahal sa buhay, kasama ang ilang gramong utak ng elepante. Madami siya niyon na nakababad sa espesyal na likido para mapreserba iyon.

Makaraan ang kalahating oras ay natimpla na niya ang posyon, napatuyo, nadikdik, at nahulma sa molde para maging hugis bituin at kulay-pulang tableta, sampung piraso, na iinumin ng asawa ni Yana sa loob ng sampu ring araw. Inilagay niya ang mga pildoras sa isang maliit na garapon, saka bumalik sa sala.

"Isang tableta bago matulog, sampung araw na iinumin. Matutunaw ang tumor sa unang araw at mawawala ang sumpa sa ikasampung araw ng pag-inom." Ngumiti siya sa babae.

Umiyak na naman ito. "M-maraming salamat, Illyria."

"Wala pong anoman." Sumulyap siya sa relo, mahuhuli na siya sa usapan nila ni Thea kaya mabilis siyang nagtungo sa kusina para kumuha ng masarap at malamig na tsaa, pinatakan iyon ng pampakalma at pampasigla, saka bumalik sa sala. Pinainom niya iyon kay Yana na agad tumahan at nagpaalam na rin.

"Kung nagpapabayad ka nang tama,

nakakaipon ka sana para makatikim man lang ako ng malaki-laking bahay bago ako bumalik sa mundo ko. Tandaan mong ikaw ang huling henerasyong pagsisilbihan ko," ani Calixta.

"May pambili ako, pero bakit ko iiwan ang bahay na `to?" Magmula nang umalis ang kanyang ina para sa isang mahabang paglalakbay ng pagtuklas ay iniwan na nito sa kanya ang bahay. Handa na raw siya sa puntong iyon, beinte-tres anyos siya noon, dalawang taon na ang nakalilipas.

"Ikaw ang huling henerasyon, at ikaw pa ang pinakanakakainis," pagpapatuloy ng uwak. "Para ka pa ring bata. Hindi mo maisipang lumagay sa tahimik, tulad na tulad ka ng nanay mo."

Hindi na lang niya ito pinansin. Naghanda na siya. Hanggang sa banyo ay nakasunod ang uwak.

"Iiwan mo na naman kami dito ni Kuting."

"Narinig ko `yon!" ngiyaw ni Daniella sa labas.

Napaismid si Illyria habang minamasahe ang makapal at mabangong bula sa ulo.

"Isa ka pa," pagpapatuloy ni Calixta. "Kung mabuti kang pamilyar, sana isinama ka ng amo mo hanggang sa paglalakbay. Ewan ko naman kay Debora kung bakit umalis nang walang kasamang pamilyar. Sino na kaya ang nag-aasikaso sa kanya ngayon?"

Alam naman ni Illyria na nami-miss din ng dalawa ang kanyang ina. Ganoon din naman siya. Pero nang magdesisyon itong umalis ay buo ang loob nito, inaming noon pa gustong simulang isulat ang isang komprehensibong libro tungkol sa paggawa ng mga gamot mula sa mga halaman. Gusto rin daw nitong mag-aral nang magkaroon ng kredibilidad mula sa akademya nang sa gayon, paglabas ng libro nito ay mapag-aralan din iyon ng mga regular na doktor at manggagamot na lisensiyado ng emperyo. Iyon daw ang magiging kontribusyon nito sa mundo bago ito pumanaw. At mahaba-habang pagsasaliksik daw ang kailangan nito.

Sino siya para tumutol?

Ito naman ang nagtungo sa ibang kaharian para mag-enrol sa ilang klase, habang siya naman ay bumalik sa kanilang bahay para ipagpatuloy ang kabuhayan na pinamana na nito sa kanya, kasama ng napakadaming ginto at pilak.

Sa huling sulat ng kanyang ina, ang sabi nito ay tatlong kurso lang ang kinukuha nito sa kasalukuyan. Ang mga bakante raw nitong oras ay nakalaan sa pagtuklas sa gitna ng kagubatan, kung saan ito nagtayo ng bahay. Kapag bakasyon sa eskuwela, kung saan-saan ito nakakarating, tumatawid ng karagatan patungo sa malalayong isla, bahaging lahat ng ekspedisyon nito para sa isinusulat na libro.

“Ilang buwan akong nagpakapagod maghanap ng sangkap, libre mo lang ibibigay,” patuloy na maktol ni Calixta.

Pero nasa ibang lugar na ang kanyang isip, nasa muling pagkikita na nila ni Thea. Kaya naman nang makapaligo ay hindi na siya nag-abalang magpatuyo ng buhok dahil ayaw

niyang hindi makaabot sa biyahe ng karwahe patungo sa Antiguo.

Nakaabot naman siya sa biyahe ng karwaheng hila ng pegasus. Hindi pa nagtagal ay nasa himpapawid na siya. Makaraan ang isang oras at kalahati ay lumapag na sa kabilang kaharian. Bigla siyang parang isang batang aligaga, sabik na sabik. May isang taon na silang hindi nagkikita ng kaibigan dahil magkalayo ang kanilang lugar. Nasa kahariang iyon si Thea dahil nang makapagtapos ito ng pag-aaral ng kulinarya ay itinuloy nito ang pagsasanay para maging tagapagluto sa kusina ng palasyo ng emperador.

Ang usapan ay magkikita sila sa plaza, sa tapat daw ng isang kapihan na paborito nito. Pero punong-puno ang plaza nang marating niya iyon. Nakisiksik siya sa mga tao hanggang sa makita ang kaibigan.

"Thea!" sigaw niya, kumakaway. Pero hindi siya nito nakita kaya binilisan niya ang paghakbang.

Nanuot sa kanyang ilong ang bango ng lalaki ilang segundo bago niya nadama ang palad nito sa kanyang braso. Lumingon siya at nakita ito, unipormado bilang sundalo ng emperyo.

At mukhang hindi siya nito naaalala pero hindi niya malilimutan ang pangalan nito: Pertho Leonis.

# *KABANATA 4*

"Nalaglag mula sa gamit mo, binibini," wika ni Pertho kay Illyria, hawak ang kanyang wallet.

"S-salamat," sambit niyang tiningala ito, inabot ang gamit.

Tumango ito, tulad ng isang tunay na maginoo, napakatikas sa uniporme nitong itim, ang butones ay hanggang leeg, makapal ang tela at mukhang inalmires. May burda iyong gintong sinulid sa dibdib. kulay-itim din ang bota nitong hanggang tuhod ang taas. Malaki ang pangangatawan nito, matangkad kaya hanggang balikat lang siya.

Pumihit na ang lalaki, ni halos hindi

rumehistro sa alaala ang kanyang mukha. Sigurado siyang sa susunod nilang pagkikita ay hindi na siya nito maaalala.

"Illyria!"

Noon siya napaigtad, sabay lingon. Nakatuntong sa isang kongkretong bangko si Thea, panay ang kaway sa kanya.

Nilingon niya si Pertho pero nawala na ito sa kapal ng tao. Tinakbo na niya ang kaibigan, hindi maunawaan kung bakit tulad noong una ay kumakabog ang dibdib niya para sa isang estranghero. Wala siyang alam tungkol dito, maliban sa nag-aral ito sa Akademya Taktikal ng Sinag-Duyog at ngayon ay isa nang sundalong maharlika.

Pilit na lang niyang inalis sa isipan ang lalaki, maging ang kabog na iyon sa kanyang dibdib, kahit pa nga mahirap itangging nanunuot pa rin sa kanyang ilong ang bango nito. Isang kakaibang pabango, hindi tipikal na naaamoy, pero kung pag-iisipan ay matutukoy niya marahil ang bawat nota at mahahanap ang mga sangkap. Ano ba ang

naiisip niya? Bakit gusto niyang likhain ang katulad na bango?

"Kumusta ka na?!" humahangos na sabi ni Thea nang yakapin siya.

Mahigpit din ang naging pagyakap niya sa kaibigan. "`Eto, ayos naman. Ikaw?" Lumayo siya sa babae para pagmasdan ito. Tuwang-tuwa siyang makitang malaki na ang ipinayat nito kahit mabilog pa rin. "Nagdidiyeta ka na?"

Tumango ito, ngiting-ngiti. Hinawakan nito ang laylayan ng damit, saka pumihit, ipinakita sa kanya ang pagpayat.

"Bagay ba?"

"Oo naman!"

Hinawakan nito ang kamay niya at hinigit siya palayo sa plaza.

"Dahil sa pagod! Kung minsan gusto ko nang sumuko sa dami ng gawain. At hindi sana ako pinayagan ngayong araw manood ng mutyaan pero wala silang nagawa."

"Talaga? Ibig sabihin, ikaw ang nasunod?"

"Ako talaga ang nasunod dahil nag-resign

na ako!" anunsiyo nitong parang tuwang-tuwa pa.

Laglag ang panga ni Illyria. Bago siya makapagtanong ay pumasok na sila sa isang eskinitang puro tao pa rin, madaming mga nagtitinda ng kung ano-ano sa magkabilang panig ng kalsada, mula painting na naka-display, hanggang sa makukulay na tela, bagay na likha sa putik—palayok, pinggan, tasa, iba't ibang uri ng pasô, lutuan, at iba pa. May mga nakapuwestong tindera na nagtatahi ng mga kuwintas na yari sa pilak, ginto, at iba't ibang mga bertud at agimat.

Nakakalunod ang mga kulay na nakikita niya, nilalarawan ang masayang pistang nagaganap, maging ang sadyang makulay na pamilihan ng bayan. Alam niyang sa ibang kalye ay mayroong mga apotekarya na kompleto sa mga sangkap dahil doon siya nagtutungo kapag mayroong espesyal na posyon na kailangang sadyain. May mga kliyente rin siya doon.

"Teka," aniya sa kaibigan.

“Mamaya na ang tsismis,” saway nitong higit-higit pa rin siya. Saulado nito ang lugar dahil ilang taon na itong namamasukan sa palasyo ng emperador.

Lumiko ito sa isang higit na maliit na eskinita. Wala nang mga tao roon, sarado din ang ilang mga tindahan at ang ilang bukas at kaduda-duda ang mga paninda—iba’t ibang sukat ng mga matang nakatuhog sa pisi, animo mga ulo ng bawang na nakasabit para ipakita sa lahat, mga daliri ng iba’t ibang hayop at tao na nakatali rin sa sinulid, animo mga longganisa. Sa dulo ay mayroong isa pang daanan na palusong pero tanaw niyang ang tumbok ay isang pulang pinto. Doon sila tumuloy ni Thea. Isa pala iyong kapihan na ang itaas ay malawak na espasyong iilan lang ang maaaring puwestuhan.

“Totoo ba ang sinabi mo kanina, na nag-resign ka na?” aniya nang makaalis ang serbidorang kinuha ang kanilang mga order.

Agad itong tumango. “Alam ko na ang sasabihin mo, na pangarap kong makapasok

sa palasyo. Alam ko rin ang sasabihin ng iba, na ang hirap matanggap sa palasyo at nandoon na ako, sa trabahong nakikipagpatayan ang ibang makuha, pero umalis pa ako. No, hindi ako baliw. Nagkataon lang na naisip kong hindi na pala `yon ang pangarap ko. Magtatayo ako ng sarili kong kainan. Hindi na ako masaya sa palasyo. Ni hindi ako makakuha ng dalawang araw na bakasyon!"

"Kung ano ang maging desisyon mo, susuportahan kita," nakangiti niyang sabi.

"At ang mas maganda pa, makakabalik ako sa `tin. Makakasama ko si Tatay. Puwede na tayong magkita madalas!"

Kulang magtilian sila na parang mga kabataan pa rin.

Dumating ang kanilang inorder.

"At ikaw, kumusta na? Tumatanggap ka na ba ng manliligaw o si Kallus pa rin ang gusto mo?"

Napaingos siya. "Hindi ko na gusto `yon."

"Talaga?" Lumabi ito, halatang hindi

naniniwala sa kanya.

"Oo nga!" May isang taon na rin mula nang magdesisyon siyang huwag nang isipin man lang ang lalaking iyon. Naging nobyo ni Leia ang lalaki pero nagkahiwalay din ang dalawa, ayon sa balita.

"Tumatanggap ka na nga ng mga manliligaw?"

"Saan, sa bahay kong normal na normal ang hitsura?"

Ang lakas ng tawanan nila. Ang totoo, hindi rin niya alam ang gagawin kung sakali mang may makilala siyang lalaking magugustuhan niya. Gayunman, hindi niya itinatago ang hanapbuhay, ang katauhan. Kahit noong nag-aaral siya sa unibersidad, hindi na niya iyon inililihim kapag may nagtatanong dahil mayroon ding mga tulad niya sa eskuwelahan. Malaki ang unibersidad, mula sa iba't ibang panig ng emperyo ang mga kaeskuwela niya, at mula rin sa magkakaibang pamilya at lahi, lalo na sa kinuha niyang kurso kung saan walang pakialam ang mga kaklase

niya sa mga ganoong bagay at ang tanging gusto lang ay ang lumikha ng sining.

"Pero hindi nga, Illyria. Hindi ba meron kang mga manliligaw noon sa unibersidad?" patuloy na tanong ni Thea. Hindi pa rin ito nagbabago, mahilig pa rin sa kahit anong romantikong kuwento.

Pero totoo rin ang sinabi nito. Sa katunayan ay hindi siya naubusan ng manliligaw pero wala sa isip niya ang bagay na iyon, kahit pa nga nasubukan din niyang lumabas kasama ang ilang lalaki dala ng kuryosidad. Siguro, hindi pa lang dumarating sa kanya ang kagustuhang pumasok sa isang relasyon. O siguro, ang na-imagine niya noong eksena kung saan magkahawak-kamay sila ni Kallus ang siyang nanaig sa isip niya.

"Meron pero hindi ko naman sila gusto. Isa pa, ang bata pa naman natin. Eh, ikaw?"

"Para sabihin ko sa `yo, lima na ang naging boyfriend ko!"

Napanganga siya sa kaibigan.

"Ang landi mo!" aniyang natawa.

Humagikgik ito. "O, `di ba? Ang bongga ng kaibigan mo! Mabenta pala ako sa mga sundalo. Siguro dahil palagi silang diyeta sa masasarap para lumaki ang katawan at umalsa ang kalamnan, kapag nakikita ako, parang nakakakita ng lechon o chicharon."

Tawa nang tawa si Illyria. Komikera talaga si Thea. At oo, mahilig talaga sa mga guwapo. Gayunman, halata ring hindi nito sineseryoso ang bagay na iyon. Siguro, nagpapakilig lang ito, walang masamang intensiyon.

"Lahat ng mga boylet mo, sundalo?" Bigla niyang naalala si Pertho, ang lalaking ni hindi alam ang pangalan niya.

Muli, sa pagkaalala sa lalaki ay nadama niya ang kung anong kaba sa kanyang dibdib. Hindi pamilyar sa kanya ang pakiramdam. Hindi niya matukoy kung bakit. May sangkap ba ang pabango nito? Isang uri ng gayuma? Ewan.

"Karamihan. Meron ding mga tauhan ng palasyo, mga kasama sa kusina, o kaya sa ibang istasyon. Pero…" Luminga-linga ito sa

paligid, saka binulong sa kanya, “Ang puntirya ko talaga, maharlika. Merong nagpapadala sa `kin ng bulaklak, maharlika, pero hindi ko tinanggap kasi…”

“Kasi?”

“K-kasi may asawa!” nabiglang sambit nito, halatang kabado.

“O, eh, bakit parang ninenerbiyos ka?”

“Sa totoo lang, isa siya sa dahilan kaya ako nag-resign—inaraw-araw na niya ang pagpapadala sa `kin ng bulaklak. S-senador siya.”

Napanganga si Illyria. “Sino?”

“S-si Senador Zacharias Mavros.”

Napasinghap siya. Iyon ang isa sa mga pinakamahusay na senador ng emperyo. Siguro ay mas bata lang ng limang taon sa kanyang nanay, matikas ang pangangatawan, magkahalong puti at itim ang buhok, guwapo, at kilalang matapat at matuwid. Alam din ng lahat na matagal na itong may asawa, bagaman walang anak. Hindi siya halos makapaniwala.

Nagyuko ng ulo si Thea. "Ang t-totoo, hindi na siya maalis sa isip ko kaya aalis na lang ako dito kaysa naman mahulog ang loob ko sa kanya."

"Ang kapal naman ng mukha niya!" Bigla siyang nanggigil. "Bakit siya magpapadala ng bulaklak sa `yo kung may asawa na siya?!"

"Ang sabi niya, humahanap lang daw siya ng tiyempo para makipaghiwalay. Ayoko namang maging dahilan para hiwalayan niya ang asawa niya."

"Tama! Kung totoo ang sinasabi niya, ayusin muna niya ang sarili niya bago ka niya guluhin!"

"Kaya nga," sambit nito pero parang nalungkot din.

"Hoy, Thea, ano `yan? Bakit parang nalulungkot ka pa?"

Bumuntong-hininga ito. "Mabait kasi siya, saka ang tali-talino. Minsan, naglalakad-lakad kaming magkasama sa hardin ng palasyo, nagkukuwentuhan lang naman. Madami kaming mga pagkakatulad. Saka

maginoo siya, at kapag tumitingin siya sa akin, parang… ewan, Illyria, parang iba lang sa pakiramdam ko."

"Naku, mabuti na lang talaga nagdesisyon kang umuwi sa inyo. Mas maganda `yon para malayo ka sa kanya at makapag-isip kayo pareho."

"Tama…" Tumango ito, parang nauwi sa malalim na pag-iisip. "Tama ka."

"Talagang tama ako. Hayaan mo na `yon. Kung talagang ikaw ang gusto niya, aayusin muna niya ang gulo niya bago ka lapitan. Ipangako mo sa akin na hindi ka papasok sa gulo, Thea. Alam mong bawal `yan sa batas."

Tumango ito. "Alam ko, Illyria. Pangako." Ngumiti na ito matapos itaas ang kamay. "Ngayon, may plano akong masama sa mutyaan."

"Ano na naman `yan?"

Bigla itong tumawa. "Alam mo ba kung sino'ng kasali?"

Umiling siya. "Hindi ko binasa ang listahan ng mga kandidata."

"`Yong BFF mo, nangangarap na naman nang gising."

Ang lakas ng tawanan nila. Alam niya agad na si Leia ang tinutukoy nito.

"Talaga ba? Hindi pa pala siya sumusuko," komento niyang nakangisi. Noong nakaraang mutyaan ay ni hindi nakapasok sa top ten ang babae. Kumpara din sa ibang kandidatang ang pagsasanay ay mula pagkabata, mahihirapan talaga si Leia na lumaban. Pero sadyang iyon na ang pinili nitong buhay kung sumasali pa rin sa mga mutyaan hanggang ngayon.

"At ang yabang-yabang pa rin! Alam mo bang nakita ko siya noong isang araw sa palasyo? Doon kasi pinatuloy ang mga kandidata, `di ba? Alam mo bang inutus-utusan ako at ako ang pinatawag para maging tagasilbi niya, eh, chef ako! Grabe, pinakuskos pa niya sa `kin ang sakong niya! `Tapos kahit malinis naman ang inidoro, kuskusin ko raw uli! Nilait-lait pa `ko kamo. Ang taba ko pa rin daw kahit hindi naman totoo. `Tapos

bakit daw mukha na akong manang. Wala naman akong magawa kasi nga bisita ng palasyo at ang bilin sa amin, hindi kami puwedeng tumanggi sa bisita."

"Napakasama talaga ng babaeng `yon!" sambit niya.

"Kaya humanda siya sa `kin ngayon." Ngumisi ito.

Agad siyang nagduda sa reaksiyon ng kaibigan. "Ano na naman `yan, Thea?"

Inilabas nito sa bag ang isang karton ng laruang pambata, isang novelty toy na uso noong mga bata sila sa eskuwela na kung tawagin ay labas-tumbong. Hitsurang maliit na tutubi iyon na may timer at ilalagay sa damit ng biktima. Kapag naglakad na iyon ay gagalaw ang laruan, lilipad para itaas ang palda o ibaba ang pantalon ng nakabitan niyon, sa gayon ay malalantad ang puwit ng biktima.

Ang lakas ng tawa niya. "Baka matalo siya!"

"Eh, ano ngayon? Sa dami ng ginawa niya

sa `tin noon hanggang ngayon, hindi man lang tayo gaganti? Puwede ring isumpa mo ngayon para may rumampang palaka sa mutyaan."

Tawa sila nang tawa pero nagkasundong ituloy ang prank. Minsan lang sila magmamaldita, habang si Leia ay ilang baon ni Thea ang inagaw, at ilang ulit silang itinulak, binalya, hinigit ang buhok, nilagyan ng kung anong mabaho o malagkit na bagay ang bag, at kung ano-ano pa.

Oras na ng pakikipagtuos.

Ang saya ng kuwentuhan nila hanggang sa magyaya na itong ipagpatuloy nila ang balitaan sa isang bahay-tuluyan. Doon din sila magpapalipas ng gabi dahil bukas pa sila uuwi sa Sinag-Duyog.

Parang hindi na mauubos ang mga kuwento nila. At kanina pa mayroong gustong itanong si Illyria sa kaibigan pero pinipigilan niya ang sarili. Gayunman, habang sinusuklay niya ang buhok nito ay lumabas sa mga labi niya, "Kilala mo ba lahat

ng sundalong maharlika?"

Natawa ito. "Alam mo naman kung ilang libo ang mga `yon kaya hindi. Saka hindi rin naman nakadestino sa palasyo lahat."

"May kilala ka bang… uhm…" Umakto siyang parang pilit tinatandaan ang isang pangalan. "Uhm… Pertho?"

Umiling ito. "Wala. Bakit?"

"N-nabanggit lang ni Nanay sa sulat na anak ng kakilala niya," pagsisinungaling niya sa kaibigan. At hindi siya nagsisinungaling dito. Hindi rin niya alam kung bakit niya ginawa sa pagkakataong iyon.

Itinirintas niya ang buhok ng kaibigan, saka sila naghandang magtungo sa tanghalan sa bayan, kung saan gaganapin ang mutyaan. May kopya si Thea ng programa, maging ng schedule ng aktibidades ng mga kandidata. Mula roon, tinantiya nila kung anong oras ise-set ang timer ng labas-tumbong. Para matiyak na magtatagumpay ang kahit isa man lang sa kanilang laruan sa misyon, ilang piraso ang inihanda nila. Kasi kung hindi nila

matitiyempuhan nang tama, siguradong may alalay o ibang kandidatang magbababa ng damit ni Leia, at isang gamitan lang ang bawat laruan.

"Parang sobrang dami," aniyang tawa nang tawa dahil tig-isa silang bag ng labas-tumbong na bitbit, siguro ay beinte piraso lahat ng iyon.

"Ikasa mo!"

Nagsalpukan ang mga kamay nila, isinilid ang mga bag ng laruan sa kanya-kanyang bag, at lumakad na rin.

Tumuloy sila sa likod ng tanghalan at pasimpleng pumuslit sa likod ng entablado gamit ang medalyon ni Thea, na nagsasabing tagapalasyo ito. Dapat nitong isuko iyon pero sinabi raw nitong nawawala para magamit nila sa pagmamaldita.

Napakadami na ring tao sa loob kaya hindi na sila nahalata ng mga tao. Panay nagkikislapang ilaw ang naroon, makapal ang amoy ng pabango at mga produktong pampaganda, ang ulap ng mga inii-spray na

pampatigas ng buhok, ang alikabok ng pampakintab na pulbos, at ang mga kandidatang inaayusan ng mga kasamahan.

Ang puntirya nila ay ang silid kung saan naroon ang mga damit at props ng mga kandidata. Nang makarating doon ay kakaunti ang mga tao. Ang kailangan lang nilang gawin ay ang hanapin ang mga maleta ni Leia at ilagay doon ang mga tutubi. Kusa nang kakapit ang mga iyon sa damit. Naghiwalay na sila ng kaibigan para mas mapabilis ang paghahanap.

Mayamaya ay nakita na niya ang maletang may pangalan ni Leia sa labas. Inilapag niya ang bag sa sahig, binuksan ang maleta, saka kinuha ang supot na may lamang labas-tumbong. Isinalin niya ang mga laruan sa maleta, saka napangisi. Tatawagin na sana niya ang kaibigan nang madama ang pagkabog ng dibdib at maamoy ang bangong iyon.

Napasinghap siya nang madama ang kamay ni Pertho sa kanyang braso. Agad

siyang napatingin sa lalaki.

"Sumama ka sa akin, binibini," anito, malamig ang tinig.

"S-saan po?" kabadong tanong niya.

"Sa presinto."

Napanganga siya. "S-saglit lang! Saglit lang po!"

Pumalag siya, itinulak ang lalaki, saka tumakbo palabas ng silid. Ang una sa isip niya ay hindi dapat malagay sa alanganin ang kanyang kaibigan. Kailangan niyang mailayo doon si Pertho. Isa itong sundalong maharlika at isang bayolasyon sa palasyo ang ginawa ni Thea na paggamit sa medalyon nitong dapat sana ay isinuko nang magpaalam sa trabaho. Hindi niya alam kung ano ang parusa sa ganoon, pero malamang ay malaki, lalo na kapag nahuli si Thea na may dalang isang bag ng labas-tumbong.

"Tumigil ka!" ani Pertho, malakas ang tinig.

Pero sige siya sa pagtakbo, sumiksik sa mga kandidata at kasamahan ng mga iyon.

Pumabor sa kanya ang kapal ng mga tao para mabilis makalabas at makasiksik sa pagitan ng mga tao. Siguradong tatalilis na si Thea. Sana.

Nang makalabas ng tanghalan ay nagpatuloy siya sa pagtakbo, lumusot sa isang eskinita. Anong lakas ng tibok ng kanyang puso. Makikilala kaya siya ng lalaki? Kung takbuhan na lang kaya niya nang tuluyan?

Bago pa niya mapagdesisyunan ay napasandal na siya sa pader dahil idiniin siya roon ni Pertho. Napasinghap siya nang magtama ang kanilang mga mata. At muling napasinghap nang hawakan siya nito sa braso at ipihit. Nadama niya ang malamig at mabigat na bakal na kumabit sa kanyang mga galanggalangan, malapad, magaspang. At nang tangkain niyang paghiwalayin ang mga bisig ay isang dangkal lang siguro ang naging puwang ng mga iyon. Kumalansing ang hula niya ay makapal na kadenang nagdidikit sa dalawang makakapal na bakal na pulseras ng posas.

Ipinosas siya ni Pertho.

“May karapatan kang kumuha ng abogadong magtatanggol sa `yo sa harap ng mahistrado. Sa ngayon, magpapalipas ka ng oras sa presinto hanggang sa itatakdang petsa ng pagdinig, malibang may magpiyansa sa `yo.”

Parang sumakit ang ulo niya.